# Islām at sa Ateismo

## harap-harapan

## Tanong at Sagot

**Haitham Talaat**

دار الإسلام جمعية الربوة رواد الترجمة

- قامت جمعية الدعوة والإرشاد بالربوة بمراجعة وتصميم هذا الإصدار.
- تتيح الجمعية طباعة الإصدار ونشره بأي وسيلة مع الالتزام بالإشارة إلى المصدر وعدم التغيير في النص.
- في حالة الطباعة يجب الالتزام بمعايير الجودة التي اعتمدتها الجمعية.

Telephone: +966114454900
Fax: +966114970126
P.O.BOX: 29465
RIYADH: 11557
ceo@rabwah.sa
www.islamhouse.com

Sa ngalan ni Allāh. Ang papuri ay ukol kay Allāh. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa Sugo ni Allāh, sa mag-anak niya, mga Kasamahan niya, at sinumang nakipagtangkilikan sa kanya. Sa pagpapatuloy:

Ito ay isang libritong pinamagatang: **"Ang Pagtakas Mula sa Ateismo Patungo sa Islām"**

Naghahain ang librito ng isang paglilinaw sa "Kalikasan ng Ateismo", mga isinusuliranin nito, at kung papaanong nakikipagsalungatan ang Ateismo sa mga kusang-kaliwanagan ng isip at naturalesa.

Naglalahad ang librito ng ilan sa mga patotoo ng pagpapatibay sa kairalan ng Tagalikha (kaluwalhatian sa Kanya).

Tayo ay nakakikilala kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa pamamagitan ng isip. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): {O nilikha sila ng hindi isang anuman o sila ay ang mga tagalikha?} (Qur'ān 52:35)

**Sa pamamagitan ng isip, may tatlong posibilidad na wala nang ikaapat:**

- **Una:** Na tayo ay nilikha ng hindi isang tagalikha: {O nilikha sila ng hindi isang anuman}. Ito ay imposible yayamang papaano tayong malilikha ng hindi isang tagalikha?
- **Ikalawa:** Na tayo ay lumikha ng mga sarili natin: {o sila ay ang mga tagalikha}. Ito ay imposible din yayamang papaano akong lilikha ng sarili ko bago ako malikha?

**Samakatuwid sa pamamagitan ng isip,** natitira ang ikatlong posibilidad, ang nanahimik tungkol dito ang marangal na talata dahil ito ay ang kusang-kaliwanagan: na mayroon tayong isang Tagalikha na lumikha sa atin.

Tayo ay nakakikilala kay Allāh sa pamamagitan ng isip.

Gayon din, tayo ay nakakikilala kay Allāh sa pamamagitan ng naturalesa.

Nakakikilala tayo sa pamamagitan ng naturalesa natin na ang mga diyus-diyusan at ang kalikasan ay hindi nagmamay-ari ng kakayahan sa paglikha ng Sansinukob ni sa pagpapairal ng bakterya at tao ni sa pagkontrol ng mga gawain ng katawan ng tao ayon sa anyong ito ni sa pagkahusay sa paglikha mula sa atom hanggang sa galaksiya.

Ang mga diyus-diyusan na sinasamba ng mga tagatangging sumampalataya at ang kalikasan na sinasampalatayanan ng ateista ay kapwa nangangailangan ng Tagalikha nito.

Hindi nagmamay-ari ang mga diyus-diyusan ni ang kalikasan ng anuman sa nauukol sa mga ito. Hindi nagtaglay ang mga ito ng kakayahan sa pagkontrol ng mga hormon sa loob mo sa ganitong nakamamanghang sukat. Hindi nagtaglay ang mga ito ng kakayahan sa paglalagay ng genetic code, na milyun-milyong impormasyon sa loob ng bawat buhay na selula. Hindi nagtaglay ang mga ito ng kakayahan sa pagpapairal ng alinmang bagay ni pati na sa pagpapairal ng mga sarili ng mga ito.

Kaya ang Tagalikha ng Daigdig na ito kalakip ng mga kahanga-hangang bagay na ito ay isang Tagalikha, na Dakila, na Maalam, na May-kakayahan, na Marunong (kaluwalhatian sa Kanya).

Pagkatapos nagtatalakay ang librito, matapos niyon, ng mga hinala ng mga ateista at mga pagtatangka nila ng mapanlinlang na pangangatwiran laban sa mga patotoong pang-isip at pangnaturalesa ng kairalan ng Tagalikha.

Kabilang sa mga mapanlinlang na pangangatwiran nila ang sinasabing "pagkakataon (coincidence) ng paglitaw ng

Sansinukob". Ito ay dahil sa kawalan ng pagkaintindi nila o dahil sa pagmamaang-maangan nila sa mga prinsipyo ng mga probabilidad dahil ang pagkakataon (coincidence) ay may dalawang kundisyong hindi nakahihiwalay rito.

Ang mga ito ay ang panahon at ang lugar.

Ang pagkakataon (coincidence) ay nagsasakundisyon ng isang panahon na magsasagawa roon ng pagpapangyari ng epekto nito.

Nagsasakundisyon ito ng isang kairalang materyal na panlugar, na magsasagawa roon ng pagpoprodukto ng magagawa nito.

Kaya papaano tayong maniniwala sa ginagampanang papel ng pagkakataon sa pagkapairal ng Sansinukob sa kabila na ang Sansinukob natin ay dumating mula sa di-panahon at di-lugar? Samakatuwid mula sa di-pagkakataon!

Pagkatapos naglalahad ang librito ng ilan sa mga patunay na pang-isip sa pagkakailangan ng kairalan ng relihiyon, kahulugan ng relihiyon, at pagkakailangan ng pagsuko sa Panginoon ng mga nilalang at pagpapaakay sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya) sapagkat ang pagsuko kay Allāh at ang pagpapaakay sa Kanya sa pamamagitan ng pagtalima ay ang reyalidad ng Relihiyon.

Kaya naman ikaw ay magpapasailalim kay Allāh at magpapakamananamba sa Tagalikha mo, Tagapagtustos mo, at Tagapagmagandang-loob sa iyo sa pamamagitan ng bawat kagandahang-loob, biyaya, at kapatnubayan.

Kaya ang pagsamba ay ang karapatan ni Allāh sa mga lingkod Niya dahil Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay ang lumalang sa atin, nagbigay-buhay sa atin, nagtustos sa atin, nagpatnubay sa atin, at nagsugo sa atin ng mga sugo Niya upang sumulit sa atin at sumubok sa atin kung sino sa atin ang

pinakamaganda sa gawa. Kaya naman ang pagsamba ay ang karapatan ni Allāh sa atin: {na lumikha ng kamatayan at buhay upang sumubok Siya sa inyo kung alin sa inyo ang pinakamaganda sa gawa. Siya ay ang Makapangyarihan, ang Mapagpatawad,} (Qur'ān 67:2)

Pagkatapos, sa kasunod na yugto, naghahain ang librito ng ilan sa mga patunay sa katumpakan ng Islām at paglilinaw sa reyalidad na si Allāh ay hindi tumatanggap mula sa tao ng isang relihiyong iba sa Islām. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): {Ang sinumang naghahangad ng iba pa sa Islām bilang relihiyon ay hindi ito matatanggap mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga malulugi.} (Qur'ān 3:85)

Ang Islām ay ang relihiyon na ipinasugo ni Allāh sa lahat ng mga propeta at mga sugo.

Ang pangunahing tampok na katangian ng Islām ay na narito ang kahulugan ng pagsuko kay Allāh at pagsamba kay Allāh – tanging sa Kanya.

Ang Islām ay ang pinakaganap na Batas na humihimok sa pagsuko kay Allāh.

Ito ay ang kaisa-isang relihiyon na nag-aanyaya sa Monoteismo kay Allāh, ang Monoteismong iyon na inihatid ng lahat ng mga propeta.

Ang lahat ng mga propeta ay nakabatay sa paniniwala sa Monoteismo, kahit pa nagkaiba-iba ang mga batas nila.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): {Hindi Kami nagsugo bago mo pa ng anumang sugo malibang nagkakasi Kami sa kanya na walang Diyos kundi Ako, kaya sumamba kayo sa Akin.} (Qur'ān 21:25)

Walang natira sa Monoteismong ito sa araw na ito sa lupa na isang relihiyong iba sa Islām samantalang ang lahat ng

mga naiuugnay sa mga iba pang batas ay naging mayroong isang bahaging kumaunti o dumami mula sa Shirk. Matapos ng pagkamatay ng mga propeta at matapos na umiwan sila sa mga tao sa Monoteismo, gumawa ang mga tao kasabay ng paglipas ng panahon ng mga gawaing maka-shirk. Walang natira sa araw na ito sa purong Monoteismo na inihatid ng mga propeta, na isang relihiyong iba sa Islām.

Pagkatapos winawakasan ang librito sa paglilinaw ng kung papaanong ang tao ay magiging isang Muslim, ng kahulugan ng Islām, at ng pagkakailangan ng Islām.

Ang Islām ay sumagot sa lahat ng mga pangkairalang tanong na umiikot sa isipan ng bawat tao: kung saan tayo nagmula, kung bakit tayo narito sa Daigdig na ito, at kung saan tayo pupunta.

Ang Islām ay sumagot sa lahat ng ito sa nag-iisang talata mula sa Marangal na Qur'ān. Nagsabi ang Panginoon natin (kaluwalhatian sa Kanya): {Ano ang mayroon sa akin na hindi ako sumasamba sa lumalang sa akin at tungo sa Kanya pababalikin kayo?} (Qur'ān 36:22)

Saan ako nagmula? Si Allāh ay lumikha sa akin: {lumalang sa akin}.

Saan ako pupunta? Pupunta ako kay Allāh upang tuusin ako sa gawa ko: {tungo sa Kanya pababalikin kayo}.

Bakit ako dumating sa Daigdig na ito? Para sa pagsamba kay Allāh at upang sulitin ako.

Bakit ako sumasamba kay Allāh? Bahagi ng pagkalikas na sumamba ako kay Allāh na lumalang sa akin sapagkat ito ay ang kalikasan ng ugnayan sa pagitan ng tao at ng Panginoon niya: na sumamba ang tao sa Panginoon niya at Tagalikha niya. "Ano ang mayroon sa akin na hindi ako sumasamba sa

lumalang sa akin" Nag-iisang talata na nagtipon ng sagot sa pinakamahalagang tatlong tanong na nalilito kaugnay sa mga ito ang tao. {Ano ang mayroon sa akin na hindi ako sumasamba sa lumalang sa akin at tungo sa Kanya pababalikin kayo?} (Qur'ān 36:22)

Kaya naman ang Islām ay ang Batas ni Allāh para sa Daigdig.

Ang Islām ay nangangahulugan na magpasakop ang tao ng sarili niya kay Allāh para magpasailalim kay Allāh, magpaakay sa Kanya sa pamamagitan ng pagtalima, at magpahinuhod sa Tagalikha niya at Mapagtangkilik sa kanya.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): {Ang sinumang nagpasakop ng mukha niya kay Allāh habang siya ay tagagawa ng maganda ay nangunyapit nga sa hawakang pinakamatibay.} (Qur'ān 31:22)

Kaya ang Islām ay nangangahulugan ng pagkamananamba kay Allāh sa bawat maliit at malaking bagay sa buhay mo. Nagsabi Siya (napakataas Siya): {162. Sabihin mo: "Tunay na ang dasal ko, ang pag-aalay ko, ang buhay ko, at ang kamatayan ko ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang, {walang katambal sa Kanya. Gayon nag-utos sa akin, at ako ay una sa mga Muslim."} (Qur'ān 6:162-163)

Ang {Tunay na ang dasal ko, ang pag-aalay ko, ang buhay ko, at ang kamatayan ko ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang} [ay nangangahulugang:] ang bawat gawaing ginagawa ko ay ukol kay Allāh sapagkat ako ay nagdarasal para kay Allāh, tumatalima sa mga magulang ko para kay Allāh, nagrerepaso at nag-aaral nang sa gayon magpakinabang ako sa mga tao para kay Allāh, at natutulog nang sa gayon ako ay maging higit na malakas sa umaga para sa paggawa ng ipinag-utos sa akin ni Allāh.

Ito ay ang pagkamananamba kay Allāh sa bawat gawain. Ito ay kabilang sa pinakamahalaga sa mga aspeto at mga palatandaan ng pagpapaubaya kay Allāh.

Kaya ang pagkagutom na pangkaalaman, ang pagkagutom sa kaalaman. ay ang pinakamahalaga sa nagpapaabala sa atin, na walang nagpapabusog nito kundi ang Islām.

Samantalang ang Ateismo ay hindi nagpapasapat sa isang tao na nakaaalam na siya ay ipinanganak upang mamatay.

Ang librito ay nagsasahalintulad sa isang pagkaing pangkaalaman at pang-isip kaugnay sa mga suliranin ng Ateismo at ilan sa mga patunay ng katumpakan ng Islām.

Ang pagkain ay nasa anyo ng tanong at sagot.

**Kaya tayo nang magsimula ayon sa pagpapala ni Allāh.**

## 1. Ano ang kahulugan ng Ateismo?

**S:** Ang Ateismo ay ang pagtanggi sa paniniwala sa alinmang mga lakas na espirituwal.

Kaya ang ateista ay nagkakaila sa Tagalikha, mga pagkapropeta, at pagbuhay na muli.

## 2. Ano ang naipipintas ninyo sa Ateismo?

**S:** Ang Ateismo ay humihiling ng isang pananampalatayang labis na higit na mataas kaysa sa pananampalatayang panrelihiyon.

Subalit ito ay isang pananampalatayang nakabatay sa mga pagpapalagay na hinakahaka at mga ginuguniguning namamali, na kabaliktaran ng pananampalatayang panrelihiyong nakabatay sa mga kusang-kaliwanagang pangnaturalesa, mga katiyakang napagmamasid natin sa pamamagitan ng mga mata natin, mga pangunahing katotohanang pang-isip, at mga patotoong pambatas.

**Nang sa gayon maghatid sa iyo sa Ateismo ang pagsasaguniguni ng sumusunod:**

**A.** Ang di-bagay ay nadagdag sa di-bagay kaya naging isang dakilang bagay, naging isang bagay na nakamamanghang pinakakahanga-hanga na mangyayari at nasa sukdulan ng eksaktong pagsusukat at mga kritikal na limitasyon.

**B.** Ang pagkakataon ay nagprodukto ng mga kritikal na limitasyon at mga pisikal na konstant na inihatid ng Sansinukob samantalang ang dalawang kundisyon ng pagkakataon ay ang lugar at ang panahon; at ang Sansinukob ay nagmula sa di-panahon at di-lugar, at sa gayon, mula sa di-pagkakataon!

**C.** Ang kawalang-layon (randomness) at ang kauna-unahang kapaligiran ng Mundo ay nagprodukto ng buhay at nagpaluwal ng bakterya at tao samantalang ang isip pantao sa tugatog ng pangingibabaw nito ngayon ay hindi nakakakaya na magprodukto ng pinakasimple sa mga anyo ng buhay.

**D.** Ang lahat ng mga pinahahalagahang pangkaasalan na nagpapasakop tayo sa katumpakan ng mga ito, na tumatahak ang higit na malaking bahagi ng mga ito sa dako ng pagkontra sa materya nang lubusan sapagkat ang mga orihinal na kaasalan ay nagsisilbi bilang isang materyal na pabigat at isang kalugihan sa antas ng makamundong kapakanan, na kabilang sa mga ibinibigay ng materya at mga produksiyon nito. Ang mga kalokohang pang-isip na ito ay kailangan sa iyo na manampalataya sa mga ito nang sa gayon makapagsimula ka sa Ateismo.

**E.** Walang natatagpuang isang masasaligang pang-isip ni pangmateryal sa Ateismo, na pipigil sa paglipol sa mga mamamayan ng Mundo sa kalahatan.

Kaya ang mundo na materyalista ba ay hindi nakakikilala sa mali at tama?

Samakatuwid nagkakapantay ang paglipol sa mga mamamayan ng Mundo sa kalahatan sa pagbibigay-buhay sa kanila ayon sa Ateismo.

Kaya ang Ateismo ay nakabatay sa pananampalataya rin subalit isang pananampalatayang walang isang pagpukaw mula sa isang kaalaman o isang pagpapaabot o isang pagkaunawa o isang kaasalan.

## 3. Ano ang patunay sa kairalan ng Tagalikha?

**S:** Ang mga patunay ay marami subalit magkakasya tayo sa dalawang patunay:

**1.** Ang patunay ng pagpapairal,

**2.** Ang patunay ng pangangalaga at pagkahusay.

## 4. Ano ang kahulugan ng patunay ng pagpapairal?

**S:** Ang patunay ng pagpapairal ay nangangahulugan na:

Ang bawat bagay na pinangyari, na nangangahulugang pinairal matapos na hindi dati umiiral, ay hindi makaiiwas para rito sa isang tagapagpangyari, ibig sabihin: isang tagapagpairal.

Sa gayon, mayroon tayong hindi mabilang na mga patunay sa kairalan ng Tagalikha (kaluwalhatian sa Kanya).

Ang bawat atom sa Sansinukob ay isang patunay sa paglikha yayamang ang bawat bagay na pinangyari na lumitaw nga sa Kairalan ay isang patunay sa Tagalikha na Tagapagpairal.

Kapag nagmasid ka sa Kairalan, lilinaw para sa iyo na ito ay isang pansamantala at isang nag-iiba-iba at hindi palagi o walang-simula. Sa gayon, iyon ay hindi isang nakasasapat sa sarili niyon. Ito ay magsasanhi sa iyo na makatiyak ka sa pamamagitan ng isip mo na iyon ay may isang Tagalikha. Sa gayon, mababaling ang pagmamasid mo sa Tagapagpairal ng Daigdig dahil sa payak na pagmamasid sa Daigdig.

Dahil doon, kay dami ng mga talata ng Qur'ān kaugnay sa pagtuon ng pagmamasid sa Daigdig at mga umiiral sa paligid natin. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): {Sabihin mo: "Tumingin kayo kung ano ang nasa mga langit at lupa." Hindi nagdudulot ang mga tanda at ang mga mapagbabala sa mga taong hindi sumasampalataya.} (Qur'ān 10:101)

Nagsabi pa Siya (napakataas Siya): {Hindi ba sila nag-isip-isip hinggil sa mga sarili nila? Hindi lumikha si Allāh ng mga langit at lupa at anumang nasa pagitan ng mga ito malibang ayon sa katotohanan at isang taning na tinukoy. Tunay na marami sa mga tao sa pakikipagkita sa Panginoon nila ay talagang mga tagatangging sumampalataya.} (Qur'ān 30:8)

Nagsabi pa Siya (napakataas Siya): {Hindi ba sila tumingin sa kaharian ng mga langit at lupa at nilikha ni Allāh na bagay,} (Qur'ān 7:185)

Kaya ang bawat bagay na pinangyari ay isang tuwirang patunay sa Tagapagpairal!

## 5. Ano ang kahulugan ng patunay ng pangangalaga at pagkahusay?

**S:** Ang patunay ng patunay ng pangangalaga at pagkahusay ay nangangahulugan na:

Ang bawat bagay sa Kairalan, walang pasubali, mula sa mga kwark (quark) – pinakamaliit na katawang materyal na naobserbahan na bumubuo sa estrukturang atomika – hanggang sa mga galaksiya ay nagtataglay ng isang antas kabilang sa mga antas ng panggawaing pagkakumplikado (functional complication).

Ibig sabihin: gumaganap ng isang gawaing natatangi at isang misyong natatakdaan.

Ang bawat panggawaing pagkakumplikado sa kalikasan ay isang rangkong naidaragdag sa payak na kairalan.

Kaya ang Kairalan ay may rangko.

Ang pagkakumplikado sa loob ng umiiral na bagay ay isang rangkong naidaragdag sa payak na kairalan.

Ang bawat anumang nasa paligid mo ay dinisenyo sa isang partikular na paraan upang gumanap ng isang tinakdaang gawain.

Samakatuwid ang bawat anumang nasa paligid mo ay nagtataglay ng isang panggawaing pagkakumplikado.

Ang panggawaing pagkakumplikado ay isang patunay ng pagyari at pagpapairal.

Samakatuwid hindi makaiiwas sa isang Tagapagpairal.

Ang paghahalintulad niyon ay "ang bombilya". Ito ay kumakatawan sa isang panggawaing pagkakumplikado.

**Ang bombilyang elektrika ay binubuo ng:**

**1.** mitsa (filament),

**2.** kawad na tanso na nag-uugnay ng elektrisidad sa mitsa,

3. di-nakaaapektong gas (inert gas): na nangangalaga sa mitsa at hindi nakikipagreaksiyon sa mitsa ni sa elektrisidad,

**4.** bote na pumipigil sa pagpasok ng hangin o paglabas ng di-nakaaapektong gas at kung hindi ay masusunog ang mitsa,

**5.** base ng bombilya na nag-uugnay ng bombilya sa saksakan (socket) at nagiging isang daanan ng kuryenteng elektrika.

Dito, ang bombilyang elektrika ay isang sistemang mayroong pagkakumplikado na hindi maaari ang pagpapasimple nito. Sa gayon, mayroon itong isang pang-isip na katunayang nagpapahiwatig ng pagyaring pinahusay.

Ang taong nagkakaila ng pagyaring pinahusay sa bombilya o nagpapalagay ng paglitaw nito dahil sa pagkakataon lamang ay ang hihilingan ng patunay roon!

Ang yumari ng bombilya ay nakaaalam nang lubusan sa kahulugan ng elektrisidad, mga daluyan nito, katuturan ng bombilya, at pagkasensitibo ng mitsa. Dahil dito, ang kairalan

ng bombilya ay isang tuwirang katunayan na mayroon itong isang tagayaring mahusay at hindi isang paggawa ng kawalang-layon dahil lamang mayroong mga bombilyang nagkakaiba-iba rito nang lubusan sa mga anyo ng mga ito!

Sa mismong antas ng pagpapatunay na pang-isip, makatatagpo tayo na ang bagay na kumplikado sa gawain tulad ng tao ay mayroong isang tagapagpairal na tagayari.

Ang bombilya ay binubuo ng 5 sangkap...

samantalang ang tao ay binubuo ng apat na bilyong sangkap sa bawat selula mula sa mga selula niya.

Ang apat na bilyong sangkap na "titik" ay bumubuo ng mga gawain ng bagay na buhay. Ito ay ang tinatawag na genetic code o genome o DNA. Nagkukulong ang mga titik na ito sa isang nukleo (nucleus) ng bawat selula mula sa mga selula mo.

Kaya kapag nagpalagay ka na ang 5 sangkap na natatangi sa bombilya ay may tagayari samantalang ikaw ay walang tagayari, ito ay problema mo na mismo.

{O nilikha sila ng hindi isang anuman o sila ay ang mga tagalikha?} (Qur'ān 52:35)

Ang bawat bagay sa paligid mo ay may pagkakumplikado. Walang umiiral na bagay sa kalikasan ni sa atom ni sa mga bagay na pangkalawakan ni sa loob ng katawan mo, nang walang pasubali, nang walang isang sukat ng panggawaing pagkakumplikado.

Ang panggawaing pagkakumplikado at ang gawain ng bawat atom at bawat partikulo ay mga bagay-bagay na umiiral sa bawat bagay sa Sansinukob.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): {Tunay na sa pagkalikha sa mga langit at lupa, sa pagsasalit-salitan ng gabi at maghapon, sa mga sasakyang-dagat na naglalayag sa

dagat kalakip ng ipinakikinabang nito sa mga tao, sa anumang pinababa ni Allāh mula sa langit na tubig saka nagbigay-buhay Siya sa pamamagitan nito sa lupa matapos ng kamatayan nito at nagkalat Siya rito ng bawat gumagalaw na nilalang, at sa pagpihit sa mga hangin at mga ulap na pinagsisilbi sa pagitan ng langit at lupa ay talagang mga tanda para sa mga taong nakapag-uunawa.} (Qur'ān 2:164)

Ang mga talata kaugnay roon ay lubhang marami.

Walang nagsasaalaala kundi ang sinumang gumagamit ng isip niya: {Walang nagsasaalaala kundi ang mga may isip} (Qur'ān 3:7)

Kaya ang sinumang gumamit ng isip niya, nagmasid sa Kairalan (patunay ng pagpapairal), at nagmasid sa pagkontrol at mga gawain ng mga umiiral (patunay ng pangangalaga at pagkahusay) ay makatitiyak sa isip sa katumpakan ng katunayan ng Tagapagpairal!

## 6. Bakit ang tao at ang iba pa sa kanya kabilang sa mga nilalang na buhay ay hindi namutawi sa mga pansimulang bagay na lubhang simple?

**S:** Mayroong dalawang suliranin:

**Ang unang** suliranin ay na walang natatagpuang nag-iisang naoobserbahang patunay sa paglipat ng isang uri ng mga buhay na bagay patungo sa iba pang uri, lalo na itong ipinagpapalagay na nakapanghihilakbot na pagtalon (terrifying hypothetical leap) na ang tao ay nanggaling mula sa mga pansimulang bagay (primordial beings).

Kaya papaano para sa ateista na manampalataya dito sa pagpapalagay na nawalan ng alinmang tuwirang patunay at magkaila sa atin ng pang-isip na panrelihiyong pagpapatunay?

**Ang ikalawang** suliranin ay alinsunod sa konsepto ng pulutong ng minimum na gene (minimum gene set concept). Hindi maaari para sa isang buhay na bagay, naging gaano man ang kasimplehan nito, na bumaba sa higit na kaunti sa [taglay na] 200 gene.

Ang pulutong ng minimum na mga gene ay ang minimum na bilang ng mga gene na hindi mabubuhay ang isang buhay na bagay nang wala nito!

Kaya hindi magkakaroon ng isang buhay na bagay kung sakaling nabawasan ang minimum na bilang ng mga gene ng isang kantidad na nag-iisang gene.

Ang gene ay isang pang-impormasyong laso na naglalaman ng malaking bilang ng mga genetic code na nagsasakodigo ng mga impormasyon.

Kaya mayroong isang pulutong ng minimum na mga gene na kinakailangan para sa buhay sa paraang may isinasakodigo na isang grupo ng mga gene na ito para sa enerhiya dahil walang buhay para sa buhay na bagay nang walang enerhiya, may isa pang grupo ng mga gene na isinasakodigo para sa pagkain, may iba pang mga gene na isinasakodigo para sa pagpaparami, may iba pa sa mga ito na isinasakodigo para sa mga pangunahing gawain para sa buhay, at gaya nito.

Nagsasagawa ang mga siyentipiko ng pagtutuos sa minimum na mga gene na kinakailangan para sa buhay. Napagpasyahan nila na ito ay hindi maaaring kumaunti sa 200 gene.

Napagtibay nga ng Instituto J. Craig Venter na ang minimum na mga gene ay hindi magiging higit na kaunti kaysa sa 382 gene.(1)

Natagpuan nga mga siyentipiko na ang Mycoplasma, na walang pasubaling pinakamaliit na buhay na bagay na umiiral sa balat ng lupa, ay mayroong 468 gene.

Kung sakaling ang usapin ay materyal lamang, at ang Daigdig ay isang simpleng sistemang materyal, tayo ay mangangailangan na magsimula mula sa serong gene kapag nagnais tayo na magdaan mula sa hydrogen patungo sa tao!

Subalit ang agham ay nagpapabatid sa atin na walang umiiral na bagay na tinatawag na serong gene o nag-iisang gene o kahit pa isang daang gene. Ang agham ay nagsasabi na tayo ay mangangailangan ng isang higanteng grupo ng mga impormasyon bilang minimum at kung hindi ay talagang hindi lilitaw ang buhay na bagay mula sa simula.

Kaya hindi nagkaroon sa kalikasan ng isang bagay na primitibo; bagkus ang bawat organismo ay nagsimula nang may nagsasariling pagpapamangha!

Mananatili ang pagpapamangha sa sistemang pang-impormasyon na nagsasakodigo ng mga bagay bago lumitaw ang mga ito. Mananatili ang pagpapamanghang ito palagi bilang batong pantisod sa mukha ng Ateismo at bilang batong pantisod sa mukha ng mga tagapagkaila ng paglikhang pandiyos!

---

(1) Ang J. Craig Venter Institute (JCVI) ay nagsagawa ng isang pag-aaral para matagpuan ang lahat ng mga kailangang gene ng M. Genitalium sa pamamagitan ng global transposon mutagenesis. Bilang resulta natagpuan nila na ang 382 mula sa 482 gene na nagsasakodigo ng protina ay mga kailangan.

Ikaw ay nasa harapan ng 4 bilyong impormasyong nakalaan – yaong mga impormasyong natatagpuan sa nukleo ng bawat selula mula sa mga selula mo – para magprodukto ng mga gawaing pambuhay na eksakto.

Ang ateista ay nagguguniguni na mayroong mga buhay na bagay na nagsimula sa serong gene, subalit dumating ang teoriya ng minimum na mga gene upang magpawakas sa panaginip na ito.

Ang mga buhay na bagay ay lumitaw na kumplikado sa gawain magmula ng unang sandali, at kung hindi ay hindi na lumitaw ang mga ito sa simula pa!

## 7. Ano ang mga halimbawa ng patunay ng pangangalaga at pagkahusay?

**S:** Ang mga halimbawa ay hindi mabilang.

Hindi nakasasaklaw sa mga ito ang mga talaan ng lupa.

{Kung sakaling ang anumang nasa lupa na punong-kahoy ay mga panulat at ang dagat [ay tinta], na may magdaragdag dito matapos na niyon na pitong dagat, hindi mauubos ang mga salita ni Allāh. Tunay na si Allāh ay Makapangyarihan, Marunong.} (Qur'ān 31:22)

Ang bawat atom sa Sansinukob ay isang patunay ng pangangalaga na nalaman natin sa araw na ito o malalaman natin sa reyalidad na ito.

**A.** Ang insulin, ang hormon ng pagtunaw ng glucose, ay inilalabas ng lapay (pancreas) ayon sa mismong kantidad ng asukal na kinain mo.

**B.** Ang lakas ng pagbomba ng puso sa dugo ay bumabalanse sa enerhiya na kinakailangan ng mga kalamnan (muscle) alinsunod sa pagpupunyaging inuukol.

**C.** Ang mga balbula (sphincter) ng sikmura (stomach) mo ay upang hindi bumalik ang pagkain sa bibig para mapinsala ka.

**D.** Ang mga balbula ng pagpapalabas [ng dumi] ay upang hindi marumihan ang mga damit sa bawat sandali.

**E.** Ang mga buto ng bungo mo ay hindi nagsasanib hanggang sa makalabas ka mula sa tiyan ng ina mo nang ligtas na may kadalian at kagaanan dahil kung sakaling ang mga ito ay naging nagkasanib ay talagang hindi ka sana nakababa mula sa tiyan ng ina mo malibang matapos ng pagkabasag-basag ng mga ito. Hindi nakukumpleto ang paglaki ng mga ito hanggang sa makumpleto ang paglaki ng utak mo.

**F.** Ang lahat ng mga himaymay ng nerbiyo (axon) mo, na naghahatid ng mga senyal elektrika, ay nababalot ng insulator gaya ng ginagawa natin mismo sa ngayon sa mga kawad elektrika upang hindi makawala ang senyal elektrika o mawala ito o magsanhi ito sa iyo ng panliligalig.

**G.** Ang elektron ay lumiligid sa nukleo nang may bilis na 1,000 kilometro sa isang segundo at kung hindi ay talagang babagsak ito sa loob ng nukleo dahil sa aksiyon ng lakas ng grabitasyon ng positibong nukleo at talagang guguho ang Sansinukob bago ito magsimula. Ito ay ang ideyal na bilis sa pagbuo ng atom.

**H.** Kapag nagsanib ang dalawang atom ng hydrogen, tunay na ang 0.007% ng mass ng hydrogen ay nagsasaanyo ng enerhiya. Kung sakaling ang mass na ito ay 0.006% sa halip na 0.007%, tunay na ang proton ay hindi sasanib sa neutron, talagang nananatili sana ang Sansinukob na payak na hydrogen at talagang hindi sana lumitaw ang nalalabi sa mga elemento. Kung sakaling ang mass na nagsaanyo ng enerhiya ay 0.008% sa halip na 0.007%, talagang ang pagsanib sana

ay naging sukdulang mabilis, na magpapahantong sa paglaho ng hydrogen kaagad mula sa Sansinukob, kaya magiging imposible kasabay nito ang buhay. Kaya ang numero ay naoobliga na maging nasa pagitan ng 0.006% at 0.008%.

**I.** Ang mass ng elektron (electron mass) ay kumakatawan sa 0.2% ng mass ng neutron (neutron mass). Ito ay ang regular na mass para sa pagbuo ng atom.

**J.** Dumadako ang mga usbong, matapos ng pagpapatubo, nang direktahan tungo sa pinagmumulan ng liwanag at dumadako ang mga ugat tungo sa pinakamababa kung saan nagtatamasa ang mga usbong ng labis-labis na pagkasensitibo sa liwanag. Ang lahat ng mga impormasyon na kinakailangan ng mga ito para sa pagsasagawa ng gawain ng mga ito ay natatagpuang naisakodigo sa loob ng buto (seed). May mga hormon na kumukontrol sa paglagong pataas at pagilid ng supang (sprout) at sa pagdako ng mga ugat. Ang lahat ng mga ito rin ay naisakodigo sa loob ng buto.

**K.** Samantalang kinakain mo ang masarap na prutas, pagkatapos itinatapon mo malayo sa iyo ang tuyong tigang na buto na walang lasa, ikaw sa pamamagıtan nito ay nagpapahintulot sa prutas na iyon na magpasa ng mga gene nito yayamang nagkaloob sa iyo ang prutas ng isang masarap na lasa samantalang ito naman ay nagkukubli ng mga gene nito, ang pinagmumulan ng buhay nito, sa kaloob-looban ng isang tuyong makinis na buto na hindi nakaaakit sa iyo. Pagkatapon mo ng butong ito sa lupa, magsisimula ito, kapag nagkakaroon ng mga kalagayang naaangkop, sa pagbuo ng punong-kahoy ng prutas kalakip ng taglay nito na mga sanga, mga tangkay, at mga ugat. Ang lahat ng ito ay nangyayari sa mga halaman na wala kang namamalayang anuman.

**L.** Sino ang kumukontrol ng impormasyon ng prutas na iyon na piping bingi at nagpaeksakto sa dami ng asukal dito sa paraang nakaaakit iyo?

Pagkatapos sino ang gumawa sa buto na maging hindi tanggap at hindi kasiya-siya nang sa gayon magbale-wala ka nito at magtapon ka nito palayo?

Pagkatapos sino ang nagkarga sa buto ng mga impormasyong pampamana (genetic information) na nakasasapat sa pagpapalikha ng isang bagong supang (sprout) kalakip ng lahat ng mga detalye nito at mga gawain nito?

**M.** Luminaw sa atin kamakailan na ang inersiya (inertia), na nabubuhay tayo sa kaginhawahang dulot nito, ay produkto ng mass ng Sansinukob sa kabuuan.

### Ano ang kahulugan ng inersiya?

Kung sakaling ikaw ay nakasakay sa isang kotse at biglang ang kotse ay napatigil, ano ang mangyayari?

Titilapon ka sa unahan! Hindi ba gayon?

Ito ay ang inersiya.

Kung sakaling ang inersiya sa Daigdig natin ay higit na kaunti kaysa sa kung ano ito sa ngayon, talagang nakaya sana ng pinakasimpleng pagsimoy ng hangin na magpagalaw sa malalaking bato. Sa isang daigdig na gaya nito, tayo ay magiging mga nakasalang nang tuluy-tuloy sa pambabayo ng lahat ng mga uri ng mga bagay!

Kung sakaling ang inersiya ay higit na malaki kaysa sa kung ano ito sa ngayon, talagang hindi sana natin nakaya pati ang pagpapapagalaw ng mga daliri natin.[1]

---

(1) Kapalaran ng Kalikasan: Papaanong Naghahayag ang mga Batas ng Biyolohiya ng Layunin sa Sansinukob, Michael Denton.

Dumedepende ang lakas ng inersiya sa mass.

Ang bagay na gumulat sa mga pisisista (physicist) ay na ang mass ng galaksiyang Ariwanas (Daang Malagatas o Milky Way), ang galaksiya na naglalaman sa Sistemang Solar natin, ay hindi nag-ambag sa pagkontrol ng inersiya maliban ng proporsiyong 1 sa bawat 10 milyon habang ang daigdig naman ay hindi kumukontrol ng inersiya maliban ng proporsiyong 1 sa bawat 1 bilyon.

Kaya ang ideyal na inersiya na nabubuhay tayo sa mga bunga nito, at na sa pamamagitan nito ay nagsasagawa tayo ng lahat ng mga aktibidad natin, ay produkto ng total ng enerhiya ng Sansinukob sa kabuuan.

{Hindi Kami lumikha ng langit at lupa at anumang nasa pagitan ng dalawang ito nang walang-kabuluhan. Iyon ay palagay ng mga tumangging sumampalataya. Kaya kapighatian ay ukol sa mga tumangging sumampalataya, mula sa Apoy.} (Qur'ān 38:27)

Kapagka lumalawak ang kaalaman, lumilitaw ang mga kahanga-hangang bagay ng karunungan at ang mga kaliit-liitang detalye ng paglikha![1]

N. Pagkatapos, ano kaya kung sakaling pumunta tayo sa mata:

Ang biyayang iyon na hindi nasusukat ng isang halaga. {Hindi ba gumawa Kami para sa kanya ng dalawang mata,} (Qur'ān 90:8)

Ang kawastuhan ng mata ay nakatutumbas ng 576 megapixel.

(1) Tumalakay sa usaping ito nang detalyado si Michael Denton sa aklat niyang Nature's Destiny (Kapalaran ng Kalikasan). Ang aklat na ito ay naisalin mula sa mga publikasyon ng Dār Al-Kitāb.

Naglalaman ang mata ng pinakadalisay na lente sa buong Daigdig.

Ang sukat ng tagatanggap-liwanag (photoreceptor) sa retina ay hindi lumalampas ang sukat sa kalahating milimetrong kuwadrado at nakatatalos sa pamamagitan nito sa 10 milyong antas ng kulay kalakip ng mga nagkakaiba-ibang dimensiyon ng mga ito. Tunay na ito ay isang paghihimala at isang makadiyos na nakapagpapahangang paglikha.

Kapag tumitingin ka isang bagay sa harapan mo at bumabagsak ang liwanag sa retina ng mata, tunay na nangyayari sa sandaling ito ang ilan sa mga kumplikadong reaksiyong kemikal na nakalilikha bandang huli ng isang kuryente. Nalilipat ang kuryenteng ito mula sa retina ng mata mo papunta sa utak mo sa pagdaan sa mga kawad ng nerbiyo (nerve wire). Ang utak dito ay nagsasagawa ng pagpapakahulugan sa frequency ng kuryenteng ito bilang iyon ay paningin. Para bang ang utak ay nagmamay-ari ng isang diksyunaryong naunang pinagsama-sama na nagpapabagong-anyo sa kuryente na umabot dito para maging isang paningin sa harapan mo.

Isang bagay na nakamamangha kung sakaling nag-isip kayo kaugnay rito!

**Gunigunihin mo:** Ang utak na ito ay nagkukulong sa loob ng kahong buto na pinadilim. Ang kahong pinadilim ay ang bungo.

Walang nakararating sa utak mo kundi mga kuryente.

Kaya papaanong nagpapakahulugan ang utak sa kuryenteng ito bilang iyon ay paningin?

Papaanong nagbigay ito sa iyo ng paningin?

Ang paghihimalang ito ay nangyayari sa isang iglap sa simpleng pagbukas mo ng mga mata mo at pagtingin mo!

Ang tulad na pangyayari ay may kaugnayan sa pandinig

yayamang pumapasok ang mga alon ng tunog sa salamin ng tainga (eardrum) mo para magpabagong-anyo sa mga ito ang salamin ng tainga mula sa pagiging mga alon para maging galaw mekanika. Pagkatapos nalilipat ang galaw mekanikang ito sa pagdaan sa tatlong lubhang maliit na buto sa loob ng taingang kalagitnaan patungo sa taingang panloob, na nagpapabagong-anyo rito para maging isang kuryente.

Ang kuryenteng ito ay malilipat ngayon mula sa taingang panloob patungo sa utak upang magsimula ang utak sa pagtalos sa kuryenteng ito para maging mga tunog para makarinig ka ng tunog!

Ang lahat na ito ay nangyayari rin sa higit na kaunti sa isang bahagi ng isang segundo. {Si Allāh ay nagpalabas sa inyo mula sa mga tiyan ng mga ina ninyo nang hindi kayo nakaaalam ng anuman at gumawa para sa inyo ng pandinig, mga paningin, at mga puso nang sa gayon kayo ay magpapasalamat.} (Qur'ān 16:78)

Gunigunihin mo na ang utak ay dinadatnan sa bawat sandali ng libu-libong senyal elektrika mula sa mata, tainga, pagsalat, paglasa, at pag-amoy. at mula sa mga nagkakaiba-ibang bahagi ng katawan upang tumalos sa lahat ng mga senyal na ito nang may isang kawastuhan ng pinakakahanga-hangang nangyayari. {Ito ay ang nilikha ni Allāh kaya magpakita kayo sa akin kung ano ang nalikha ng mga bukod pa sa Kanya. Bagkus ang mga tagalabag sa katarungan ay nasa isang pagkaligaw na malinaw.} (Qur'ān 31:11)

{bilang pagkayari ni Allāh na nagpahusay sa bawat bagay. Tunay na Siya ay Mapagbatid sa anumang ginagawa ninyo.} (Qur'ān 27:88)

Sino itong nakabibilang ng nag-iisang biyaya mula sa mga biyaya ni Allāh?

Mag-isip ka hinggil sa kasukasuan sa katawan mo at sa bawat buto na nagbibigay sa iyo ng pagkilos ayon sa kakayahan nito.

Mag-isip ka hinggil sa mga makinis na kasukasuan na nagbibigay sa iyo ng pagkilos nang walang pagkikiskisan (friction) sa pagitan ng mga buto ni lumalaspag. Ang mga kasukasuang ito na nilagyan ni Allāh ng likidong gaya ng grasa na inilalagay sa mga kasukasuan ng mga makina!

Mag-isip ka hinggil sa mga biyaya ni Allāh habang nagninilay-nilay habang nagpapasalamat dahil sa mga biyaya Niya – kaluwalhatian sa Kanya!

Ang mga biyaya ni Allāh ay hindi maiisa-isa. {Hindi ba kayo nakakita na si Allāh ay nagpasilbi para sa inyo ng nasa mga langit at nasa lupa at nagpasagana sa inyo ng mga biyaya Niya nang lantaran at pakubli. Mayroon sa mga tao na nakikipagtalo hinggil kay Allāh nang walang isang kaalaman ni isang patnubay ni isang aklat na nagbibigay-liwanag.} (Qur'ān 31:20)

## 8. Ang ilan sa mga ateista ay tumutuligsa sa patunay ng pangangalaga sapagkat nagsasabi sila na may mga bagay na hindi ideyal tulad ng mga sakit at mga lindol.

**S:** Ang kawalan ng kairalan ng mga bagay na pinahusay sa Sansinukob ayon sa saklaw ng pagpapahayag ng ateista ay hindi nagkakaila sa kairalan ng pagkahusay.

Siya, sa pamamagitan niyon, ay nagtitiyak sa kairalan ng pagkahusay sa Sansinukob.

Kung sakaling wala nang pagkahusay sa simula pa, talaga sanang hindi nakatalos ang ateista sa kairalan ng mga bagay na hindi pinahusay.

Kaya papaano kang magsasalita tungkol sa isang kapintasan sa disenyo sa isang daigdig na walang disenyo?

Hinggil naman sa inilalarawan nila na hindi pinahusay, ito ay isang kakulangan sa kaalaman o isang kakulangan sa pagkatalos ng kasanhian sa mga bagay.

Ang mga mananampalataya ay hindi nagsasabi na ang Sansinukob ay pinahusay kaya walang nagaganap dito na mga sakuna; nagsasabi lamang sila na ang Sansinukob ay pinahusay kaya walang nagaganap dito na isang bagay na walang layon.

Ang paninindigan ng ateista ay kahawig ng sinumang nagkakaila sa pagkahusay sa sasakyang pangkalawakan dahil sa pagkakaroon ng dambuhalang kantidad ng mga materyal na petroleyo rito at na maaaring sumabog ang sasakyan sa alinmang sandali![1]

Ang Daigdig ay hindi dinisenyo upang maging isang daigdig na walang-hanggan o walang-simula at tayo ay hindi dinisenyo upang tayo ay maging mga diyos.

Bagkus tayo ay dinisenyo upang subukin sa pamamagitan ng kabutihan at kasamaan. {Susubok Kami sa inyo sa pamamagitan ng kasamaan at kabutihan bilang tukso. Tungo sa Amin pababalikin kayo.} (Qur'ān 21:35)

Ang kabutihan at ang kasamaan at ang bawat tukso ay pumapaligid sa balangkas ng karunungan at kaloobang pandiyos.

---

(1) Ang Kababalaghan ng Pagtuligsa sa Relihiyon sa Makabagong Pilosopiya, Doktor Sulṭān Al-`Umayrīy, isang tesis doktoral.

## 9. Ano ang tagahadlang na magkaroon ng isang kadahilanang materyal na nagpairal sa Sansinukob, na ang halimbawa niyon ay isa pang kabihasnan o isa pang bagay? Bakit ang Diyos na walang-simula bilang pagbibigay-takda?

**S:** May isang panuntunang itinatag ng mga maalam sa Islām magmula ng mahigit sa isang libong taon humigit-kumulang. Ang panuntunang ito ay nagsasabi na: "Ang pagkakawing-kawing sa mga tagagawa ay walang-salang nagpapahantong sa kawalan ng pagkaganap ng mga gawain."(1)

Ang pagkakawing-kawing sa mga tagagawa ay nangangahulugan ng pag-iral ng higit sa isang tagalikha. Kaugnay sa tanong na ito, mayroon tayong isa pang kabihasnan at isang kabihasnang nauna roon na nagprodukto niyon at isang kabihasnang nauna sa kanila na nagprodukto sa kanila at gaya niyon. Ito ay pagkakawing-kawing sa mga tagalikha.

Ang pagkakawing-kawing na ito ay walang-salang nagpapahantong sa kawalan ng pagkaganap ng mga gawain.

Ang kawalan ng pagkaganap ng mga gawain ay nangangahulugan ng kawalan ng paglitaw ng mga nilikha, tulad ng Sansinukob, tao, at iba pa sa kanila.

Kaya ang pagkakawing-kawing sa mga tagagawa ay nagpapahantong sa kawalan ng paglitaw ng Sansinukob at Kairalan.

(1) Ang Kababalaghan ng Pagtuligsa sa Relihiyon sa Makabagong Pilosopiya, Doktor Sulṭān Al-`Umayrīy, isang tesis doktoral.

Kaya kung sakali na ang isa sa mga kabihasnan ay dumedepende ang paglitaw nito sa isa pang kabihasnan na nagtatag nito at ang iba pang kabihasnan ay dumedepende ang paglitaw nito sa isang kabihasnang nauna rito na nagtatag dito at gayon hanggang sa walang katapusan, hindi lilitaw ang kabihasnang ito ni ang nauna rito ni ang nauna sa dalawang ito at hindi lilitaw ang Kairalan ni ang alinmang bagay.

[Ito ay] dahil sa ang bawat kabihasnan ay dumedepende ang paglitaw nito sa isang kabihasnang nauna rito at gayon. Sa gayon, walang lilitaw na alinmang kabihasnan at walang lilitaw na alinmang bagay.

Kaya hindi makaiiwas sa isang unang tagalikhang walang-simula na nagpairal sa bawat bagay!

Kung sakaling ang pagkakawing-kawing ay naging walang katapusan at ang bawat kawing sa serye ay umaasa sa bago nito, walang iiral na mga nilikha ni isang paglikha ni mga umiiral dahil ang tagagawa ay dumedepende ang kairalan niya sa isang tagagawa na nauna sa kanya at ang nakauna rito ay dumedepende naman sa isang nakauna sa kanilang dalawa at gaya niyon. Sa gayon, walang iiral na alinmang bagay.

Kaya hindi makaiiwas na tumigil ang serye sa isang hangganan.

Dito ay nakatitiyak tayo sa Unang Tagalikha na hindi nauunahan ng anuman!

## 10. Tayo ay nakaaalam sa mga batas [pangkalikasan] na nakapangyayari sa Sansinukob at nakaaalam nang maigi sa kadahilanan ng mga lindol. Kaya bakit tayo nangangailangan ng Tagalikha lalo na at nakaaalam naman tayo sa mga batas [pangkalikasan]?

**S:** Nagpapalagay ang ateista na ang mga batas [pangkalikasan] ay sumasapat para sa pagkalikha ng Sansinukob at pagkalitaw nito. Sumalig nga ang ilan sa mga ateista sa ideya ng "Batas ng Grabitasyon" at na ito raw ay sumasapat sa pagkalitaw ng Sansinukob. Hindi alintana ang pagbagsak nang kusa ng pag-aangking ito sa pamamagitan ng payak na pag-iisip hinggil sa pinagmulan ng Batas ng Grabitasyon, at sino naman ang nagsabatas nito o sino ang nagbigay rito ng katangian ng panghihimasok o pagpalitaw ng epekto?

Hindi alintana itong mga pangunahing kusang-kaliwanagan, tunay na ang Batas ng Grabitasyon ay hindi nagpapahantong sa pagpapapagulong sa bola ng billiard.

Ang batas [pangkalikasan] lamang ay walang-kakayahan sa alinmang bagay nang walang paglitaw ng bagay.

Kaya ang Batas ng Grabitasyon ay hindi nagpoprodukto ng isang bola ng billiard. Tanging nagpapapagalaw lamang ito niyon kapag lumitaw iyon at sinalpok ng tako ng billiard.

Kaya ang Batas ng Grabitasyon ay hindi isang nagsasariling bagay. Tanging ito ay isang paglalarawan ng isang pangyayaring pangkalikasan.

Ang Batas ng Grabitasyon ay hindi magpapapagalaw ng bola ng billiard nang walang lakas na didiin sa tako ng billiard at

magpapapagalaw rito. Dito lamang gagalaw ang bola ng billiard at lilitaw ang epekto ng Batas ng Grabitasyon.

Subalit ang ateista ay nagpapalagay na ang kairalan ng Batas ng Grabitasyon ay sasapat sa pagkalikha ng bola ng billiard, tako ng billiard, at pagpapapagulong ng bola!

Alin sa dalawang ito ang higit sa kalapitan sa isip at lohika kaugnay sa kadahilanan ng paglitaw ng Sansinukob na ito: ang Tagalikha o ang Batas [ng Grabitasyon]?

Sa tulad na paraan, ang mga batas ng pagkasunog na panloob (internal combustion) sa makina ng kotse ay hindi lilikha ng isang makina ng kotse.

Kung sakaling nag-ugnay man tayo ng mga batas ng pagkasunog na panloob sa makina ng kotse, tunay na ang makina rin ay hindi gagana sapagkat hindi makaiiwas sa gasolina na nagbibigay ng enerhiya, hindi makaiiwas sa buhya (spark plug), at hindi makaiiwas bago niyon sa pagkakaroon ng makina. Dito pa lamang lilitaw ang mga batas ng pagkasunog panloob at gagana ang makina!

Kaya hindi makatwiran ang pagpapalagay na ang mga batas ng pagkasunog na panloob ay sasapat sa pagkalikha ng makina, buhya, gasolina, tsuper, at kalsada.

Kaya ang ideya ng pagkasapat ng Batas [Pangkalikasan] para sa pagpapakahulugan sa pagkalitaw ng Sansinukob ay isang ideyang hindi naiuugnay sa isip sa anuman.

Pagkatapos, tunay na ang ideyang ito, kung sakaling ipagpapalagay natin ito, ay magpapasok sa atin sa serye ng mga tagagawa na ipinaliwanag natin sa pagsagot sa naunang tanong. Kaya sino ang lumikha ng Batas na ito at sino ang nagpairal nito? Kung sakaling nag-angkin sila na ito ay iba pang batas, papasok naman tayo sa serye ng mga tagagawa

na humahatol ng kawalan ng paglitaw ng alinmang batas o alinman sa mga pinaiiral.

## 11. Ano ang tagahadlang na ang pinagmulan ng Kairalan ay ang pagkakataon (coincidence)?

**S:** Ang paniniwala sa pagkakataon ay isang pagkamangmang sa mga prinsipyo ng mga probabilidad dahil ang pagkakataon ay may dalawang kundisyong hindi nahihiwalay roon.

**Ang mga ito ay ang panahon at ang lugar.**

Ang pagkakataon (coincidence) ay nagsasakundisyon ng isang panahon na magsasagawa roon ng pagpapangyari ng epekto nito.

Nagsasakundisyon ito ng kairalang materyal na panlugar, na magsasagawa roon ng pagpoprodukto ng magagawa nito.

Kaya papaano tayong maniniwala sa ginagampanang papel ng pagkakataon sa pagkapairal ng Sansinukob sa kabila na ang Sansinukob natin ay dumating mula sa di-panahon at di-lugar?

Papaanong lumilitaw ang epekto ng pagkakataon nang walang pagkalitaw ng pagkakataon mismo?

Papaanong magbibigay ang pagkakataon ng isang epekto bago ng pag-iral nito, at pag-iral ng panahon at pag-iral ng lugar na dalawang batayang kundisyon ng pagkakataon?

## 12. Papaano tayong tutugon sa ateista na nagsasabi na ang Sansinukob ay walang-simula?

**S:** Alinsunod sa Ikalawang Batas ng Termodinamika (Second Law of Thermodynamics), imposible na ang Sansinukob ay maging walang-simula.

Para sa pagpapasimple ng batas na ito, maglalahad tayo ng paghahalintulad na ito para sa pagpapaliwanag nito: kung sakaling ikaw ay nagkaroon ng isang basong tubig na maligamgam sa kuwarto, tunay na ang init ay lilipat mula sa tubig na maligamgam papunta sa atmospera ng kuwarto hanggang sa pumantay ang temperatura ng kuwarto sa temperatura ng baso. Ito ay ang Ikalawang Batas ng Termodinamika kung saan dumadaloy ang enerhiya mula sa pinakamataas papunta sa pinakamababa sa paglipas ng oras.

Ang batas na ito ay nangyayari sa bawat bagay sa Sansinukob sa bawat sandali magmula ng pagkalitaw ng Sansinukob hanggang sa magkapantayan ang init ng bawat bagay sa Sansinukob. Kapag nagkakapantayan ang init ng bawat bagay sa Sansinukob, mangyayari ang nalalaman bilang Kamatayang Pang-init ng Sansinukob (Thermal Death of Universe). Kung sakaling ang Sansinukob ay naging walang-simula, talagang ang maipagpapalagay ay na ito sana ay naging nakatigil ngayon – patay sa init – subalit sa reyalidad ang Sansinukob ngayon ay nasa isang kalagayang higit na mababa sa maksimum na entropiya at hindi pa umabot sa kamatayang pang-init. Samakatuwid, ito ay hindi walang-simula; bagkus mayroon itong isang matibay na simula na lumitaw kasama nito ang panahon at ang lugar.

Napagtibay nga alinsunod sa mismong batas na ang Sansinukob ay nagsimula sa minimum na entropiya. Ito ay nangangahulugan na ang pagkapangyayari nito ay walang naunang pagkatulad – isang pinagpasimulaan.

Ito ay isang pang-agham na batas sa isang panig samantalang ang Ateismo ay nasa isa pang panig nang lubusan.

## 13. Bakit hindi naipatutupad ang batas ng pananahilan (causality) sa Tagalikha? O sa iba pang pahayag: Sino ang lumikha sa Tagalikha?

**S: Una:** Ang Tagalikha ay hindi pinagpapatuparan ng mga batas ng mga nilikha Niya. Ito ay isang kusang-kaliwanagan.

Kung hindi naman, talagang masasabi natin: Sino ang nagluto ng tagapagluto?

Sino ang naglangis ng tagapaglangis?

Kaya naman ang Tagalikha, bilang bahagi ng kusang-kaliwanagan, ay Tagapagpairal ng panahon at lugar kaya hindi naipatutupad sa Kanya ang mga batas na Siya ang nagpairal – kaluwalhatian sa Kanya!

**Ikalawa:** Ang bawat bagay na nangyayari ay may tagapagpangyari. Ito ay tumpak, subalit ang Tagalikha ay: {Walang katulad sa Kanya na anuman}. (Qur'ān 42:11)

**Ikatlo:** Ang Tagalikha ay hindi isang nangyayari – bagkus Siya ay walang-simula – kaya papaano tayong magsasabi: Sino ang lumikha sa Kanya?

**Ikaapat:** Hindi makaiiwas na ang Tagalikha ay isang walang-simulang kinakailangan ng pag-iral at kung hindi ay talagang papasok tayo sa suliranin ng "pagkakawing-kawing sa mga tagagawa, na walang-salang nagpapahantong sa kawalan ng pagkaganap ng mga gawain". Ito ay ang ipinaliwanag natin kani-kanina nang detalyado. Kaya hindi makaiiwas na ang Tagalikha ay kinakailangan ng pag-iral na kauna-unahang walang-simula – kaluwalhatian sa Kanya!

## 14. Ang Sansinukob ay dambuhala, kaya papaano tayo, sa pamamagitan ng maliit na sukat nating ito, magiging isang sentro sa higanteng Sansinukob na ito?

**S:** Ang ateista ay gumagawa ng isang pagpapalagay na ipinagsisigawan sapagkat nagsasabi siya na dahil ang Sansinukob ay dambuhala, samakatuwid, ang tao ay hindi isang sentro sa Sansinukob na ito!

Ang pagpapalagay na ito ay nakabatay sa isang pangunahing saligan na dahil daw ang mga sakahan ay malawak at ang may-ari ng mga ito ay may sukat na lubhang maliit kung ihahambing sa mga ito, samakatuwid, siya ay hindi may-ari ng mga ito!

Ang usapin ay walang pasubaling hindi hinggil sa sukat.

Ang mga kaasalan na walang materyal na sukat ay ang pinakamalaking sukatan sa pagkakalamangan sa pagitan ng pinakadakila sa mga tao at pinakahamak sa mga tao.

Ang mga tao ay tinitimbang ayon sa mga kaasalan nila.

Kaya ang isyu ng mga sukat ay hindi isang sukatan.

Hayaan ninyong maglahad tayo ng paghahalintulad na ito: Kung sakali na mayroon tayong isang hari at ang haring ito ay naghabilin sa anak niya ng ilang mga habilin at mga payo at sumulat para rito kaugnay roon ng isang testamento, maaari kaya na may pumuntang isang tagatutol at magsabing papaano ukol sa isang haring nagmamay-ari ng milyun-milyong ektarya at mga malawak na lupain na hindi mabilang, na magmalasakit sa anak niya na hindi umaabot ang laki nito at ang timbang nito sa isa sa isang milyon ng minamay-ari ng haring ito na mga lupain at mga ektarya?

Sa kay Allāh ang pinakamataas na paglalarawan!

Ito kaya ay isang pagtutol na makatwiran sa simula pa?

Kay ang isyu ay hindi ang sukat ni ang timbang.

Pagkatapos, hindi ba ang Sansinukob na ito ay nagsimula mula sa isang tuldok na bilyun-bilyong ulit na higit na maliit kaysa sa ulo ng aspile gaya ng pinagtitibay ng bawat pisisista (physicist) ng Daigdig?

Samakatuwid, ang sukat ay relatibo.

Pagkatapos ano ang makapipinsala sa ateista na lumikha si Allāh ng anumang niloob Niya sa paraang niloloob Niya?

Ang Diyos kaya ay nagdurusa ng isang kakulangan sa mga mapagkukunan para gumugol Siya sa abot lamang ng pangangailangan?

Napakataas ni Allāh higit doon!

Subalit tayo kaya ay talaga namang kumakatawan bilang isang sentro sa Sansinukob na ito?

Oo. Ikaw, O tao, ay sentro ng Sansinukob na ito sa pamamagitan ng pandiyos na pagkaatang ng tungkulin.

Ang pandiyos na pagkaatang ng tungkulin ay ang Relihiyon.

Ang relihiyon ay ang ipinagkatiwala na pinasan mo. Ito ay ang pinakadakilang pagsusulit na ikaw ay hinihilingan ng pagganap nito.

Kaya ikaw, O tao, ay hinihilingan ng pagpapakamananamba kay Allāh (napakataas Siya). Sa pamamagitan nito, ikaw ay magiging isang sentro sa Sansinukob na ito. Ikaw ay sentro ng Sansinukob na ito hindi dahil sa sukat mo, hindi dahil sa lakas mo, at hindi dahil sa mga kakayahan mo; tanging dahil sa pandiyos na pagkaatang ng tungkulin.

Ikaw ay ang nakakakaya sa paggawa ng kabutihan at pag-iwan ng kasamaan at ang nakakakaya sa pananampalataya at kawalang-pananampalataya.

Kaya lahat tayo ay nakaaalam na siya ay inatangan ng tungkulin, maging ninais man natin o tinanggihan natin.

Ang ateista, ang mananampalataya, at ang agnostiko, ang lahat ay nakaaalam na siya ay inatangan ng tungkulin, nakararamdam ng pandiyos na pagkaatang ng tungkulin, nagdurusa ng sundot ng budhing pangkaasalan, at nakaaalam na sa kaloob-looban niya [ay may nagsasabing:] "gawin mo," "huwag mong gawin," "gawin mo ang kabutihan," at "huwag mong gawin ang kasamaan." Lahat tayo ay nakaaalam mula sa reyalidad ng sarili niya na siya ay hinihilingan!

Kaya tayo ay nasa sentro ng Sansinukob na ito sa pagkaatang ng tungkulin!

Gayon din, tayo ay nasa sentro ng Sansinukob na ito sa pagkatalos at sa pagkakilala sapagkat tayo ay nakatatalos, nakamamalay, nakapag-uunawa, nakakikilala sa reyalidad ng kairalan natin at reyalidad ng Sansinukob sa paligid natin, at nakaiintindi nang maigi sa kahulugan ng kairalan natin.

Kaya tayo ay ang mga hinihilingan, ang mga masisisi, ang mga inaatangan ng tungkulin, ang mga tutuusin!

Tayo ay ang bagay na nakatatalos sa pagkakahanga-hanga ng paghahanda nang may pangangalaga. Tayo ay ang bagay na nakatatalos sa pagkahusay. Tayo ay ang bagay na nakakakaya sa pagpapatupad ng iniatang na tungkulin o kawalang-pananampalataya sa pagkaatang ng tungkulin. Tayo ay nakakakaya nang lubusan sa pagpili. Tayo ay nakakakaya ng pananampalataya at kawalang-pananampalataya.

Kaya tayo ay nasa sentro ng Sansinukob na ito. {Tunay na Kami ay nag-alok ng pagtitiwala sa mga langit, lupa, at mga bundok; ngunit tumanggi ang mga ito na pumasan niyon at nabagabag ang mga ito roon, at pumasan naman niyon ang tao; tunay na siya ay naging napakamapaglabag sa katarungan, napakamangmang.} (Qur'ān 33:72)

## 15. Nagsasabi ang ilan sa mga ateista na may umiiral na maraming planeta, at sa gayon, ayon sa teorya ng mga probabilidad bahagi ng pagkalikas na magkaroon ng isang planeta mula sa mga iyon na naangkop sa buhay. Kaya natutumpak kaya ang pagpapatunay na ito?

**S:** Ano ang kaugnayan ng kairalan ng maraming planeta sa pagtuligsa sa patunay ng pagkahusay?

Ang isyu ay hindi mga pangunahing materya.

Hindi dahil sa ako ay nasa isang gubat na puno ng lahat ng mga gulay, mga bunga, at mga hayop, hindi nangangahulugan iyon na lilitaw sa harapan ko nang biglaan sa gitna ng gubat ang isang plato ng nilutong katakam-takam na pagkain sapagkat ang isyu ay hindi mga pangunahing materya!

Gayon din, ang pagkakaroon ng buhangin sa mga disyerto ng Daigdig ay hindi nangangahulugan magpakailanman na ako ay makatatagpo ng mga digital processor at mga electronic circuit na niyayari mula sa [silicon ng] buhangin sa paligid ko sa bawat lugar sa disyerto!

Ang isyu ay hindi mga pangunahing materya. Ang isyu ay pagyari at pagkahusay.

[Ito ay] hindi isang payak na kairalan ng isang grupo ng mga planeta na nagiging nakasasapat upang may lumitaw sa gitna

ng mga ito na isang planetang ganito kahusay sa pagkakayari gaya ng Mundo.

Ang isyu ay pagkahusay, paglikha, at pagyari. {bilang pagkayari ni Allāh na nagpahusay sa bawat bagay. Tunay na Siya ay Mapagbatid sa anumang ginagawa ninyo.} (Qur'ān 27:88)

Kaya ang kairalan ng maraming ibang planeta ay walang pasubaling hindi nagbibigay-matuwid sa kairalan ng buhay sa planetang Mundo.

Ang kairalan ng mga ibang planeta ay hindi nagbibigay-matuwid sa isang genetic code sa loob mo na apat na bilyong titik na kumukontrol sa lahat ng mga paggawa mo, mga bahagi ng katawan mo, at mga hormon mo sa isang nakapagpapahangang kaeksaktuhan bago ka umiral mismo sa sarili mo!

Kaya ang buhay ay impormasyon at hindi materya.

Kung sakaling umakyat kami, ako at ang isa sa mga ateista, sa isa sa mga planeta, at nakatuklas kami ng isang kagamitang kumplikado na gumagana sa isang nakapagpapahangang kaeksaktuhan, at kahit kung sakaling hindi pa kami nakaintindi sa gamit nito, maaari kaya ang magkaila ng tagayari ng kagamitang ito dahil sa simpleng kadambuhalaan ng sukat ng planeta na kami ay naroroon?

## Ang pagkakusang-kaliwanagang pang-isip ay magtutulak sa amin, sa akin at sa ateista, kapag nakakita kami sa kagamitang ito, sa paniniwala sa tagapagpairal na nakakakaya.

Ang nagkakaila sa pagkakusang-kaliwanagang pang-isip na ito, na nagkakaila sa tagapagpairal, ay ang hihilingan ng patunay at hindi ang kumikilala!

Ang ateista sa nakapagpapahangang magarang Sansinukob na ito ay ang hinihilingan ng patunay, hindi ang mananampalataya.

Minsan ay sumulat ang ateistang agnostikong si Carl Sagan ng isang nobelang ang pamagat ay Contact. Nagkukuwento siya rito kung papaano na ang mga siyentipiko ay naghahanap ng katalinuhang labas sa daigdig (extraterrestrial intelligence).

Sa hakahakang nobela, nakatuklas ang mga siyentipiko ng isang mahabang serye ng mga pangunahing numero (prime number), na dumarating mula sa kalawakan. Dahil ang pagkakaseryeng pampangunahing numero (prime number series) na ito ay nagpapahiwatig ng isang kantidad na matematikang tinakdaan na nagpapatunay sa isang uri ng kaeksaktuhan, ito ay isang patunay pang-isip na nakasasapat upang makatiyak sila na ang mensaheng ito ay dumarating mula sa iba pang kabihasnang nagtatangka ng pakikipag-ugnayan sa atin!

Ang kataka-taka ay na si Carl Sagan ay isang tanyag na agnostiko subalit ang isip niya ay nagpapaubaya sa reyalidad na ang pagkakumplikado at ang sistema sa isang maliit na mensahe ay isang patunay sa patotoo ng pagpapairal at pagkahusay!

Isang payak na serye ng mga pangunahing numero na magtitiyak sa kairalan ng isang higanteng kabihasnan, kaya papaano kang mag-uugnay sa apat na bilyong titik sa loob ng bawat selula mula sa mga selula ng katawan, na kung sakaling may nabulabog na nag-iisang titik mula sa mga ito ay talagang baka may mangyaring isang sakuna, papaano kang mag-uugnay sa lahat ng pagkahusay na ito sa mga panlalalang na Ateismong walang-lohika?

Hindi makatwiran sa anuman ang pagpapahatol sa mga panlalalang para pumigil sa pagpapakahulugan ng kababalaghan sa balangkas nitong pampatunay sa Tagalikha. {Sabihin mo: "Tumingin kayo kung ano ang nasa mga langit at lupa." Hindi nagdudulot ang mga tanda at ang mga mapagbabala sa mga taong hindi sumasampalataya.} (Qur'ān 10:101)

## 16. Bakit hindi nagkaroon ng higit sa isang tagalikhang walang-simula?

**S:** Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): {Kung sakaling sa mga [langit at lupa na] ito ay may mga diyos maliban kay Allāh, talagang nasira ang mga ito.} (Qur'ān 21:22)

Ang kairalan ng isang diyos kasama kay Allāh ay humihiling ng pagkarami-rami. Ang pagkarami-rami ay nag-oobliga ng pagkanangangailangan.

Ang pagkanangangailangan para sa Tagalikha – kasakdalan sa Kanya, kaluwalhatian sa Kanya – ay nag-oobliga ng kawalan ng katiwasayan sa Sansinukob at na ito ay maaaring gumuho, na mag-oobliga ng pagkasira ng Sansinukob.

Kaya walang garantiya para sa pananatili ng Sansinukob kasama ng isang diyos na nangangailangan!

{Kung sakaling sa mga [langit at lupa na] ito ay may mga diyos maliban kay Allāh, talagang nasira ang mga ito. Kaya kaluwalhatian kay Allāh, ang Panginoon ng Trono, higit sa anumang inilalarawan nila.} (Qur'ān 21:22)

Nagpawalang-kinalaman ang Tagapaglalang sa pangangailangan at pagkanangangailangan sapagkat Siya ay ang Walang-pangangailangan, ang Mapagpanatili – kaluwalhatian sa Kanya.

Idagdag mo pa sa naunang nabanggit na kung sakaling sa langit at lupa ay may dalawang diyos o higit, ang pagkamaaari ng pagsasalungatan ay higit na malapit sa katwiran kaysa sa pagsasang-ayunan dahil ang higit sa isang diyos ay nangangahulugan ng higit kaysa sa isang kalooban at higit kaysa sa isang pagnanais. Ang pagkarami-rami ng mga pagnanais ay nangangahulugan ng pagkanangangailangan ng bawat isa. Ito ay nag-oobliga ng pagkasira ng mga langit at lupa.

**Ang naturalesa ng tao ay tumitiyak na si Allāh ay nag-iisa. Kaya kung sakaling may nagmasid na isang pisisista o isang hindi pisisista sa Sansinukob na ito, hindi siya makaguguniguni para rito kundi ng isang nag-iisang tagalikha sapagkat ito ay naturalesa.**

## 17. Bakit ang relihiyon?

**S:** Ang pinakapalaaway na ateista ay sumasampalataya na ang katapatan ay higit na mainam kaysa sa kasinungalingan. Hindi ba gayon?

Ang pinakapalaaway na ateista ay sumasampalataya na ang pagkamapagkakatiwalaan ay higit na mainam kaysa sa pagkataksil. Hindi ba gayon?

Ito ay mga terminolohiyang hindi mula sa Daigdig na ito at wala sa Materyal na Daigdig ang nakapagbibigay-matuwid sa kahulugan nito ni kahilingan nito.

Kaya ano ang kahulugan ng katapatan?

Ano ang kahulugan ng pagkamapagkakatiwalaan?

Kung sakaling nagsagawa tayo ng isang pagsusuri sa mga kalaliman ng atom, makaoobserba kaya tayo ng mga kahulugang tulad ng pagkatapat at pagkasinungaling?

Kung sakaling nag-obserba tayo ng pisika ng mga galaksiya o kimika ng mga hormon, makaoobserba kaya tayo ng pagkamapagkakatiwalaan at pagkataksil?

Ang mga ito ay mga terminolohiyang hindi mula sa Materyal na Daigdig na ito.

Subalit ang mga ito ay mga terminolohiyang makatotohanan.

Bagkus ito ay kabilang sa pinakadakila sa mga usapin.

Ang halaga ng tao ay nasa mga kaasalan niya at hindi nasa materyal na sukat niya ni nasa bilang ng mga atom niya ni nasa nibel ng enerhiya ng mga selula niya.

Ang halaga ng tao ay nasa pagsunod niya sa pandiyos na pagkaatang ng tungkulin sa loob niya.

Ang halagang ito ay walang anumang nakikihati rito sa [ibang] tao mula sa Materyal na Daigdig.

Mayroong isang lalaking maayos at isang lalaking tiwali.

Subalit walang umiiral na isang bundok na maayos at isang bundok na tiwali.

Hindi tayo nakaoobserba ng isang planetang mapagkakatiwalaan at isang planetang taksil.

Ang tao lamang ay ang pinatutungkulan ng halaga, ang pinatutungkulan ng layon, at ang pinatutungkulan ng kairalan.

Ang tao at ang jinn lamang ay ang nakawawari na siya ay inatangan ng tungkulin.

Walang iba ang pagkaramdam sa kahulugan ng mga kaasalan kundi isang bahagi ng naturalesa ng pandiyos na pagkaatang ng tungkulin sa loob ng bawat isa sa atin.

Kaya naman ang relihiyon ay isang pagkakailangan para sa pag-intindi sa tao.

Ang relihiyon ay ang kaisa-isang nagbibigay-matuwid sa kahulugan ng mga kaasalan, kung bakit ang mga ito ay umiiral, kung bakit nakararamdam tayo ng pagkakailangan ng pagsunod sa mga ito.

Ang kaisa-isang nagbibigay para sa mga kaasalan ng kulay ng mga ito ay ang relihiyon.

Kaya ang mga kaasalan ay hindi maaari ang pag-intindi sa mga ito malibang sa balangkas ng pandiyos na pagkaatang ng tungkulin.

Hindi maaari ang makaalam kung bakit ang mga ito ay pangnaturalesa sa lahing tao malibang sa pamamagitan ng relihiyon.

Sa pamamagitan ng relihiyon nakaaalam tayo ng layon ng Kairalan at nakaaalam tayo na ang mga kaasalan na nakararamdam tayo ng pagkakailangan ng pagsunod sa mga ito kahit pa man hindi tayo sumunod sa mga ito ay isang bahagi ng pandiyos na pagkaatang ng tungkulin.

Kaya ang relihiyon ay isang pagkakailangang pantao.

Sa pamamagitan ng relihiyon din nakaaalam tayo kung bakit tayo ay narito?

Nakaaalam tayo kung ano ang matapos ng kamatayan.

Nakaaalam tayo sa kahulugan ng Kairalan.

Nakaaalam tayo sa kung ano ang hinihiling mula sa atin sa Kairalang ito.

Kaya ang relihiyon ay tiyakan para sa pagkakaalam sa pinakamakahalaga sa nagpapaabala sa tao.

Dahil doon, kapag walang relihiyon, magbabagong-anyo ang Daigdig sa kabuuan nito para maging isang ganap na pagkabulag at isang lubos na kawalan.

Nagsasabi si Ibnu Al-Qayyim (kaawaan siya ni Allāh): "Walang landas tungo sa kaligayahan at tagumpay, wala sa Mundo at wala sa Kabilang-buhay, kundi sa mga kamay ng mga sugo. Walang landas tungo sa pagkakaalam sa kaaya-aya at karima-rimarim nang detalyado kundi mula sa dako nila. Hindi natatamo ang lugod ni Allāh nang tiyakan kundi sa mga kamay nila."(1)

Ang Mundo ay pinadilim na isinumpa maliban sa sinikatan ng araw ng relihiyon at araw ng pasugo gaya ng sinasabi ni Shaykh Al-Islām Ibnu Taymiyah (kaawaan siya ni Allāh).(2)

Kaya kapag walang relihiyon, hindi nalalaman ang layon ng Kairalan ni ang kahulugan ng kabutihan ni ang halaga nito.

Kapag walang mga pasugo, magbabagong-anyo ang Daigdig para maging isang nakapangangambang kawalang-kapararakan.

Kapag nakukubli ang relihiyon at nagkakaila ang sangkatauhan sa mga pagkapropeta, sa oras na iyon ay magbabagong-anyo ang tao para maging isang basurang pambituin gaya ng sinasabi ni Carl Sagan o isang kulisap gaya ng sinasabi ni Sartre.(3)

---

(1) Zād Al-Ma`ād, Tomo 1, Pahina 68.

(2) Majmū` Al-Fatāwā, Tomo 19, Pahina 93-94.

(3) Pinagmulang Video: Ang mga Baybayin ng Karagatang Pansansinukob (Episodyo 1). Ang ilang bahagi ng pagkatao natin ay nakaalam na ito ay pinanggalingan natin. Nananabik tayong bumalik. At makakaya natin. Dahil ang Sansinukob ay nasa loob din natin. Tayo ay gawa mula sa materyales na pambituin. Tayo ay isang daan para makilala ng Sansinukob ang sarili nito. 06 min. 04 seg. Hinggil naman sa pagiging ang tao ay isang kulisap, nabanggit nga iyon ni Sartre sa nobela niyang La Nausée (Ang Pagkaduwal).

Ang tao ay talaga namang magiging isang kimikong latak o sa kahulugang higit na eksakto, isang kimikong dumi, gaya ng sinasabi ni Stephen Hawking.(1)

Ang pagkapropeta ay ang tibok ng Kairalang Pinakakaisa-isahan. Kapag walang pagkapropeta, magbabagong-anyo ang pinakakahanga-hanga sa mga imbensiyon at ang pinakakasiya-siya sa mga ninanasa para maging isang hilakbot!

Kapag walang relihiyon, magbabagong-anyo ang Daigdig kalakip ng buong karikitan nito para maging mga multong nakapanghihilakbot.

Kung sakaling nagtanong ka sa alinmang ateista ng alinmang tanong pangkairalan tulad ng: Bakit tayo narito sa Daigdig na ito o ano ang [mangyayari] matapos ng kamatayan,

tunay na siya ay maaari na mangangatwiran nang palinlang sa tanong mo o manatili sa lubos na pagkapipi.

Samakatuwid, ang relihiyon ay isang likas na hinihiling para sa pag-intindi sa tao at pag-intindi sa pagkakailangan ng mga pinahahalagahang pangkaasalan. Ito ay tiyakan para sa pagkakaalam sa kahulugan ng Kairalan, layon ng Kairalan, at pagsasakatuparan sa pagpapakamananamba kay Allāh, yaong pagpapakamananambang sa pamamagitan niyon ang kaligtasan.

(1) Mula sa isang panayam kay Ken Campbell hinggil sa Reality on the Rocks: Beyond Our Ken, 1995.

## 18. Ano ang tagahadlang na ang mga kaasalang ito ay maging isang produkto ng utak o lipunan?

**S:** Binubuo ang utak ng mismong mga materyal na sangkap na nasa Materyal na Daigdig nang eksakto!

Kaya gaano man nakumplikado ang utak o nakumplikado ang mga pagkakabuong materyal, ang total ng mga sero ay hindi nagpoprodukto kundi ng sero!

Kaya kapag ang materya ay hindi nakakikilala ng isang kabutihan ni isang kasamaan, ang utak ay gayon din!

**Dito ay magtatanong** tayo sa ateista kung papaano lumitaw ang pagkaintindi sa kabutihan at kasamaan kapag ang Materyal na Daigdig sa kalahatan nito ay isang walang-kinikilingan sa kaasalan at hindi nakakikilala ng isang kabutihan ni isang kasamaan?

**Ikalawang Tanong:** Ano ang tagahadlang pang-utak laban sa paglipol sa mga mamamayan ng Mundo sa kalahatan?

Ano ang tagahadlang pang-utak laban sa pagpapasok sa mga pinakamababang lahing tao sa mga hawla ng mga hayop?

Ano ang tagahadlang pang-utak laban sa paglipol sa mga maysakit, mga may-kapansanan, mga walang-kakayahan, at mga pinakamababang lahi, gaya ng nangyari sa proyekto ng likas na paghalal (natural selection) na isinagawa ng NAZI sa proyektong Aktion T4?)1(

Sa mga tanong na ito ay hindi nagtataglay ang materyal na utak ng isang sagot sa pamamagitan ng pagmamali o pagtutumpak.

---

)1( https://en.wikipedia.org/wiki/Aktion_T4

Ang utak ay lubusang walang-kinikilingan sa aspetong pangkaasalan dahil ito ay binubuo ng mismong mga atom ng lupa.

Kaya walang ugnayan sa pagitan ng utak at ng mga kaasalan, wala mula sa malapit at wala mula sa malayo.

Hinggil naman sa ideya na ang lipunan ay pinagluwalan ng mga kaasalan, ito ay isang kataka-takang ideya dahil ang mga kaasalan ay pumapatungkol sa tao bilang isang tao at hindi sa lipunan bilang isang lipunan.

Pagkatapos, tunay na ang lipunan ay mula sa mismong mga sangkap ng materya. Sa gayon, ang total ng mga sero sa muli ay hindi magpoprodukto kundi ng sero. Kaya papaanong nagprodukto ang lipunan ng mga kaasalan samantalang ang mga ito ay hindi nauugnay sa Materyal na Daigdig sa simula pa?

Pagkatapos, kung sakaling tumumpak ang pananalitang ito at nagturing tayo na ang mga kaasalan ay produkto ng lipunan, dito ang NAZI ay magiging tama sa paglipol sa iba dahil ang lipunan ay naniniwala niyon.

Kaya nang nagpasya ang Daigdig na maglitis sa NAZI, ang pasyang ito ay naging batay sa [katotohanang] ang mga kaasalan ay walang-takda at hindi isang produkto ng lipunan at kung hindi ay talagang hindi ito magpapaposible sa kanila na maglitis sa NAZI at talagang hindi sila makawawari na ito ay nagkamali sa simula pa!

Kaya ang mga kaasalan ay nagsasarili sa lipunan sapagkat ang tama ay tama sa ganang maayos na lipunan at tiwaling lipunan

at ang mali ay mali sa ganang maayos na lipunan at tiwaling lipunan.

Ang mga kaasalan ay may isang kahulugang lumalampas sa utak at lipunan.

## 19. Umiiral ang higit kaysa sa isang diyos sa mga kabihasnan ng Mundo, kaya bakit ang pananampalataya kay Allāh bilang pagbubukod-tangi?

**S:** Walang umiiral na sinasamba sa lahat ng relihiyon ng Mundo kundi si Allāh.

Ang kaibahan natin sa nalalabi sa mga relihiyon ay na sila ay gumawa kasama kay Allāh ng mga maliit na diyos tulad ni Jesus at ng Espiritu Santo sa Kristiyanismo at nina Vishnu at Brahma sa Hinduismo at iba pa.

Ang mga relihiyon sa kabuuan ng mga ito ay sumasampalataya kay Allāh, ang Nag-iisa, ang Kaisa-isa. Siya sa ganang mga ito ay Tagalikha ng Kairalan.

Subalit sila ay gumagawa kasama kay Allāh ng mga iba pang diyos na hindi higit [kay Allāh].

Bagkus kahit ang mga diyus-diyusan ng mga tagapagtambal [kay Allāh] ay hindi nila ginawa bilang mga diyos mismo. Sila noon ay tumatanggap lamang na si Allāh ay ang Tagalikha subalit sila ay gumagawa sa mga [diyos na] ito bilang mga tagapagpagitna kay Allāh. {Talagang kung nagtanong ka sa kanila kung sino ang lumikha ng mga langit at lupa at nagpasilbi ng araw at buwan ay talagang magsasabi nga silang si Allāh. Kaya paanong nalilinlang sila?} (Qur'ān 29:61)

Nagsasabi si Shaykh Al-Islām Ibnu Taymiyah (kaawaan siya ni Allāh): "Ang sinumang nagpalagay sa mga mananamba ng mga anito na sila ay naniniwala noon na ang mga ito ay lumilikha ng daigdig o na ang mga ito ay nagbababa ng ulan o na ang mga ito ay nagpapatubo ng halaman o lumilikha ng

hayop o ng iba pa roon, siya ay isang mangmang hinggil sa kanila; bagkus ang pakay ng mga mananamba ng mga diyus-diyusan para sa mga diyus-diyusan nila ay kauri ng pakay ng mga tagapagtambal sa [pagsamba ng] mga libingan."[1]

Tumiyak si Will Durant na ang ugat ng Paganong Hinduismo ay nanunumbalik sa huli sa pananampalataya sa nag-iisang kaisa-isang Diyos. Nagsasabi siya tungkol sa mga diyos ng mga Hindu: "Itong libu-libong diyos ay ang mismong ginagawa ng mga simbahang Kristiyano na pagpapabanal sa libu-libong santo. Hindi pumapasok sa isipan ng Hindu kahit man sa iisang saglit na ang mga diyos na ito na walang limit sa bilang ng mga ito ay may soberanyang pinakamataas."[2]

Binanggit nga ng ulat na iniharap sa pamahalaang Britaniko sa Indiya sa panahon ng okupasyon ng Britanya sa Indiya na: "Ang pangkalahatang resulta na nagtapos doon ang lupon sa pagsasaliksik ay na ang nananaig na dami ng mga Indiyano ay naniniwala sa isang nakakintal na paniniwala sa nag-iisang pinakamataas na diyos."[3]

Kaya si Allāh ay nag-iisa sa lahat ng mga relihiyon ng Mundo. {Ang Diyos namin at ang Diyos ninyo ay nag-iisa.} (Qur'ān 29:61)

Walang iba ang mga diyus-diyusan at mga diyos pantao kundi mga tagapagpagitnang pangkawalang-pananampalataya kay Allāh. {Ang mga gumagawa sa bukod pa sa Kanya bilang mga katangkilik [ay nagsasabi]: "Hindi kami sumasamba sa kanila kundi upang magpalapit sila sa amin kay Allāh sa kadikitan."} (Qur'ān 39:3)

---

(1) Majmū` Al-Fatāwā, Tomo 1, Pahina 359.
(2) Story of Civilization, Will Durant, Tomo 3, Pahina 209.
(3) Ang naunang sanggunian.

## 20. Kapag gumawa ang isang tao ng isang bagay na hindi niya kinakailangan, ito ay pagkawalang-kapararakan! Si Allāh ay hindi nangangailangan sa atin kaya bakit Siya lumikha sa atin?

**S:** Ang ideya na ang pangangailangan ay tinatapatan ng pagkawalang-kapararakan ay isang ideyang hangal!

Ang pangangailangan ay tinatapatan ng kasanhian hindi ng pagkawalang-kapararakan.

Ang manggagamot na masalapi na may kaaya-ayang reputasyon ay maaaring manggamot ng mga tao nang hindi nangangailangan mula sa kanila ng anuman; bagkus nanggagamot siya sa kanila para sa kapakanan nila mismo. Dito, tayo ay hindi naglalarawan sa gawain niya na ito ay pagkawalang-kapararakan!

Ang kasanhian at ang dakilang pakay sa likod ng gawain ay hindi umiikot sa ruweda ng pangangailangan/pagkawalang-kapararakan!

Maaaring sumagip ang isa sa mga manlalangoy sa isang bata bilang awa rito. Pagkatapos, mag-iiwan siya nito at aalis nang walang paghihintay sa pagbubunyi ng mag-anak ng bata. Dito, ang gawa niya ay hindi inuuri na ito ay isang pangangailangan o isang pagkawalang-kapararakan; bagkus ito ay isang gawang marangal, isang pakay na maringal, at isang kaasalang kaaya-aya!

Walang pagdidikitan sa pagitan ng pangangailangan at pagkawalang-kapararakan![1]

---

[1] Ang Kababalaghan ng Pagtuligsa sa Relihiyon sa Makabagong Pilosopiya, Doktor Sulṭān Al-`Umayrīy, isang tesis doktoral.

Sa Ṣaḥīḥ Muslim sa ḥadīth qudsīy: **{nagsabi si Allāh (napakataas Siya): "O mga lingkod Ko, kung sakali na ang una sa inyo at ang huli sa inyo at ang tao sa inyo at ang jinn sa inyo ay naging ayon sa isang pinakamapangilag magkasalang puso ng isang lalaki kabilang sa inyo, hindi nakadagdag iyon sa paghahari Ko ng anuman; kung sakali na ang una sa inyo at ang huli sa inyo at ang tao sa inyo at ang jinn sa inyo ay naging ayon sa isang pinakamasamang-loob na puso ng isang lalaki, hindi nakabawas iyon mula sa paghahari Ko ng anuman. O mga lingkod Ko, tanging ang mga ito ay mga gawa ninyo, na mag-iisa-isa Ako ng mga ito para sa inyo, pagkatapos maglulubos Ako sa inyo ng mga ito [sa ganti]. Kaya ang sinumang nakatagpo ng isang kabutihan ay magpuri siya kay Allāh at ang sinumang nakatagpo ng iba pa roon ay huwag nga siyang maninisi kundi ng sarili niya."}**[1]

Kaya si Allāh ay Walang-pangangailangan sa mga nilalang.

Walang iba ang pagsisikap natin, ang pagpupunyagi natin, at ang gawain natin kundi para sa mga sarili natin. {Ang sinumang nakibaka ay nakibaka lamang para sa sarili niya. Tunay na si Allāh ay talagang Walang-pangangailangan sa mga nilalang.} (Qur'ān 29:6)

Tayo ay nakaaalam na si Allāh ay may kasanhian sa bawat paglikha Niya, kahit pa namangmang tayo roon. Ang pagkamangmang ng maysakit sa kasanhian ng manggagamot ay hindi nangangahulugan na ang mga pasya ng manggagamot ay kawalang-kapararakan.

Kaya ang kaalaman hinggil sa kasanhiang pandiyos ay hindi nag-oobliga rito ng pagkaintindi sa lahat ng mga saklaw

---

(1) Ṣaḥīḥ Muslim, ḥadīth: 2577.

ng karunungan. Sumasapat lamang ang pagkaintindi sa ilan sa mga ito!

Kaya sasapat na nakaaalam tayo na tayo ay mga inatangan ng tungkulin ng pagsamba kay Allāh at na makaalam tayo sa pagkakaroon ng kasanhiang pandiyos. Ito ay sasapat na sa atin sa punto ng kabuuan at kung hindi, tayo ay magiging gaya ng tumatangging sumampalataya sa bawat hindi niya naiintindihan: {Bagkus nagpasinungaling sila sa hindi sila nakapaligid sa kaalaman niyon at hindi pa pumunta sa kanila ang pagbibigay-pakahulugan niyon.} (Qur'ān 10:39)

Si Allāh ay Marunong at lumikha sa atin dahil sa isang kasanhian – kaluwalhatian sa Kanya.

Si Allāh – tanging Siya – ay ang naging karapat-dapat na sambahin.

Kaya walang nagiging karapat-dapat sa pagsamba kundi si Allāh sapagkat Siya ay ang Tagalikha na nagpairal sa atin mula sa kawalan. Nagsabi Siya (kaluwalhatian sa Kanya): {O mga tao, sumamba kayo sa Panginoon ninyo na lumikha sa inyo at sa bago pa ninyo, nang sa gayon kayo ay mangingilag magkasala,} (Qur'ān 2:21)

Siya ay ang nagpatnubay sa atin at Siya ay ang nagsabatas, nagtakda, nag-utos, at sumaway: {Pansinin, sa Kanya ang paglikha at ang pag-uutos.} (Qur'ān 7:54)

Kaya hindi ukol kay Allāh ang paglikha lamang, tanging ukol sa Kanya ang pag-uutos din at tayo ay nagpapautos sa utos Niya – kaluwalhatian sa Kanya.

Kaya ang pagsamba ay ang karapatan ni Allāh sa mga lingkod Niya sapagkat Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay ang lumalang sa atin, nagbigay-buhay sa atin, nagtustos sa atin, nagpatnubay sa atin, at nagsugo sa atin ng mga sugo Niya upang sumulit sa atin at sumubok sa atin kung sino sa atin ang

pinakamaganda sa gawa. Kaya naman ang pagsamba ay ang karapatan ni Allāh sa atin: {na lumikha ng kamatayan at buhay upang sumubok Siya sa inyo kung alin sa inyo ang pinakamaganda sa gawa. Siya ay ang Makapangyarihan, ang Mapagpatawad,} (Qur'ān 67:2)

Hindi natutuwid ang buhay natin at ang kabilang-buhay natin kundi sa pamamagitan ng pagsamba at hindi naaayos ang mga kaasalan natin kundi sa pamamagitan nito. Ang pagsamba ay sumasaway sa mga mahalay at mga nakasasama at nagsasaayos sa pamamagitan ng mga ito ng pangmundong buhay ng mga tao. Nagsabi ang Panginoon natin (napakataas Siya): {at panatilihin mo ang pagdarasal; tunay na ang pagdarasal ay sumasaway sa kahalayan at nakasasama.} (Qur'ān 29:45)

Hindi tayo magkakamit ng Paraiso kundi sa pamamagitan ng pagsamba sapagkat ito ay ang kaligtasan sa Kabilang-buhay at ang kagalakan sa Mundo.

Ang pagsamba ay para sa atin mismo at para sa kabutihan natin mismo. Ito ay kinakailangan sa atin tungo kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) dahil Siya ay ang Tagalikha natin. Ang pakinabang nito ay manunumbalik sa atin mismo lamang at ang pagkukulang dito ay manunumbalik sa atin mismo lamang.

Ang Paraiso ay mamahalin. Kaya ang sinumang nagnanais ng Paraiso ay magtatrabaho siya para rito. Tayo ay ang mga nangangailangan sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya) at ang mga nangangailangan sa pagsamba sa Kanya samantalang Siya ay ang Walang-pangangailangan sa atin at sa bawat nilikha Niya.

## 21. Papaano tayong makakikilala kay Allāh?

**S:** Makakikilala tayo kay Allāh sa pamamagitan ng lubhang maraming paraan subalit babanggit tayo rito ng apat na paraan:

**Ang Unang Paraan:** Makakikilala tayo kay Allāh sa pamamagitan ng maayos na naturalesa.

Ang tao sa pamamagitan ng naturalesa niya ay nakaaalam na mayroon siyang isang Tagalikha. Kaya ikaw sa pamamagitan ng naturalesa mo ay nakakikilala na mayroon kang isang Tagalikha na lumikha sa iyo nang may anyong ito, mga bahaging ito ng katawan, kalikasang ito, at nakagugulat na pagkayari at pagkahusay na ito.

Gayon din, ang tao sa pamamagitan ng naturalesa niya ay nakaaalam na siya ay hinihilingan ng pagdulog sa Tagalikha niya sa pamamagitan ng pagsamba at nakaaalam din sa pamamagitan ng naturalesa niya na siya ay kumakailangan ng Tagalikha niya (kaluwalhatian sa Kanya) at nangangailangan sa Kanya sa bawat sandali. Nadaragdagan ang pakiramdam na ito ng pangangailangan kay Allāh sa [sandali ng] mga kasawiang-palad.

Ang naturalesa ng pagkakilala kay Allāh ay isinanaturalesa rito ang lahat ng mga tao. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): {Kaya magpanatili ka ng mukha mo para sa Relihiyon bilang makatotoo. [Mamalagi sa] naturalesa ni Allāh na nilalang Niya ang mga tao ayon dito. Walang pagpapalit para sa pagkakalikha ni Allāh. Iyon ay ang Relihiyong matuwid, subalit ang higit na marami sa mga tao ay hindi nakaaalam.} (Qur'ān 30:30)

Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya): {[Banggitin] noong nagpaluwal ang Panginoon mo mula sa mga anak ni Adan mula sa mga likod nila ng mga supling nila at pinasaksi

Niya sila sa mga sarili nila: "Hindi ba Ako ay Panginoon ninyo?" ay nagsabi sila: "Opo; sumaksi kami," upang hindi kayo magsabi sa Araw ng Pagbangon: "Tunay na Kami dati tungkol dito ay mga nalilingat,"} (Qur'ān 7:172)

Bago tayo malikha, isinanaturalesa tayo sa pagkakilala kay Allāh at isinanaturalesa tayo sa pagpapakamananamba sa Kanya – kaluwalhatian sa Kanya. {at pinasaksi Niya sila sa mga sarili nila: "Hindi ba Ako ay Panginoon ninyo?" ay nagsabi sila: "Opo; sumaksi kami,"} (Qur'ān 7:172)

Nagsabi naman ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa ḥadīth na napagkasunduan sa katumpakan nito: **"Walang anumang ipinanganganak malibang ipinanganganak sa naturalesa."**[1]

Kaya lahat tayo ay ipinanganganak sa naturalesang ito. Ang naturalesang ito ay sasapat sa bawat taong nagnanais ng katotohanan na ipampatunay sa katotohanan at na sumuko sa katotohanang ito kapag luminaw ito sa kanya.

Ang naturalesang ito ay hindi nakakakaya na ikaila pati ng pinakamatindi sa mga tao sa kawalang-pananampalataya lalo na sa mga kritikal na oras sapagkat ang mga tao sa kabuuan nila ay dumudulog kay Allāh sa mga oras ng kasawiang-palad at nakalilimot sa itinatambal nila [kay Allāh]. {Kapag sumaling sa inyo ang kapinsalaan sa dagat ay nawawala ang dinadalanginan ninyo maliban sa Kanya ngunit nang nagligtas Siya sa inyo papunta sa kalupaan ay umaayaw kayo. Laging ang tao ay mapagtangging magpasalamat.} (Qur'ān 17:67)

Kapag ang tao ay nasa isang matinding dalamhati at nakaramdam ng kasawian, tunay na siya ay hindi mananalangin kundi kay Allāh at makalilimot sa lahat ng mga

[1] Ṣaḥīḥ Muslim, ḥadīth: 2658.

pagtatambal niya. Ang pagpapakawagas na ito kay Allāh sa panalangin sa oras ng mga kasawiang-palad, ang tagatulak nito ay ang naturalesang maayos na umiiral sa loob ng bawat tao.

Nagsasabi ang isa sa mga pangulo ng Amerika na si Dwight D. Eisenhower, na naging Komandante ng mga Puwersang Amerikano sa Ikalawang Digmaang Pandaigdigan matapos na nakasaksi siya kung papaanong ang mga [sandatahang] lakas ay nanunumbalik sa naturalesa sa oras ng matinding panganib: "Walang mga ateista sa mga trintsera."[1]

Sa trintsera sa oras ng digmaan ay walang tagapagkaila kay Allāh. Ang lahat ay nanumbalik kay Allāh. Ito ay ang reyalidad ng naturalesa na kinikilala ng buong sangkatauhan sa oras ng mga kasawiang-palad.

Ang Ikalawang Paraan para sa pagkilala kay Allāh ay ang [paggamit ng] isip sapagkat tayo ay nakakikilala kay Allāh sa pamamagitan ng isip.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): {O nilikha sila ng hindi isang anuman o sila ay ang mga tagalikha?} (Qur'ān 52:35)

Sa pamamagitan ng isip, may tatlong posibilidad na wala nang ikaapat sa mga ito:

**Una: Na tayo ay nilikha ng hindi isang tagalikha:** {O nilikha sila ng hindi isang anuman}. Ito ay imposible yayamang papaano tayong malilikha ng hindi isang tagalikha?

**Ikalawa: Na tayo ay lumikha sa mga sarili natin:** {o sila ay ang mga tagalikha}. Ito ay kalokohan din yayamang papaano akong lilikha ng sarili ko bago ako malikha?

Samakatuwid, sa pamamagitan ng isip ay natitira ang ikatlong posibilidad. Ito ay ang nanahimik tungkol doon ang

---

(1) https://en.wikipedia.org/wiki/There_are_no_atheists_in_foxholes

marangal na talata dahil ito ay ang kusang-kaliwanagan: na mayroon tayong isang Tagalikha na lumikha sa atin.

Kaya tayo ay nakakikilala kay Allāh sa pamamagitan ng isip.

**Ang ikatlong paraan para sa pagkilala kay Allāh ay ang pagmamasid sa mga nilikha ni Allāh.**

Ang pagmamasid sa nilikha ni Allāh ay naglalagay sa atin sa harapan ng kasukdulan ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): {Sabihin mo: "Tumingin kayo kung ano ang nasa mga langit at lupa." Hindi nagdudulot ang mga tanda at ang mga mapagbabala sa mga taong hindi sumasampalataya.} (Qur'ān 10:101)

Kaya sa tuwing nagmasid tayo sa kaliit-liitan sa nilikha ni Allāh at kahanga-hanga sa pagkahusay [ng paglikha], nadaragdagan tayo ng isang pagkakilala kay Allāh.

Ito ay ang naunang nabanggit natin sa patunay ng pagpapairal at patunay ng pangangalaga at pagkahusay.

**Ang ikaapat na paraan para sa pagkilala kay Allāh ay sa pamamagitan ng mga sugo.**

fIto ay ang pinakasukdulang paraan para sa pagkilala kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan). Ito ay ang makilala natin si Allāh sa pamamagitan ng mga sugo Niya at mga propeta Niya. Ang mga sugo ay nagpabatid tungkol kay Allāh, nagpabatid tungkol sa mga katangian Niya, at nagpabatid tungkol sa sarili Niya (kaluwalhatian sa Kanya). Sa pamamagitan ng mga propeta, nakakilala tayo kay Allāh sa mga pangalan Niya at mga katangian Niya, nakaalam tayo kung papaano tayo sumamba kay Allāh at kung papaano tayo magpakalapit-loob sa Kanya, at nakaalam tayo kung papaano tayo maligtas sa Araw ng Pagtutuos mula sa pagdurusang dulot ni Allāh. Ang mga sugo ay nag-anyaya sa mga tao para sa pagsamba kay Allāh, o ayon sa ibang kahulugan, nag-

anyaya sa mga tao para manumbalik sa naturalesa nila na isinanaturalesa sila ayon doon at na sumamba sila kay Allāh gaya ng iniutos Niya.

Ang mga sugo ay gumabay sa mga tao tungo sa daan ng katotohanan at kaligtasan: {[Nagsugo ng] mga sugo bilang mga tagapagbalita ng nakagagalak at mga tagapagbabala upang hindi magkaroon ang mga tao laban kay Allāh ng isang katwiran matapos ng mga sugo. Laging si Allāh ay Makapangyarihan, Marunong.} (Qur'ān 4:165)

Kaya ang pagpapabatid ng mga propeta at mga sugong ito tungkol kay Allāh at ang pag-alalay ni Allāh sa kanila sa pamamagitan ng mga himala ay hindi gagawa para sa isa man ng isang katwiran laban kay Allāh sa Araw ng Pagbangon.

Si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay nagbigay sa iyo ng naturalesa na nakakikilala ka sa pamamagitan nito sa Tagalikha mo, nagbigay sa iyo ng pang-unawa, nagbigay sa iyo ng pagmamasid sa mga nilikha Niya, at nagsugo para sa iyo ng mga sugo kaya walang natira para sa iyo na isang katwiran sa harap ni Allāh.

## 22. Mayroong maraming relihiyon kaya bakit ang Islām pa?

**S:** Ang Islām ay hindi isang relihiyon sa gitna ng mga relihiyon.

Ang Islām ay sumasang-ayon sa paniniwala nito sa paniniwala ng lahat ng mga propeta ng Matandang Tipan.

Ang Islām ay isang pagtutumpak sa tinahakan ng mga relihiyon na nalihis at isang pagpapanumbalik sa monoteistikong paniniwala ng mga propeta ng Matandang Tipan.

Nagsasabi si Allāh (napakataas Siya): {Nagsabatas Siya para sa inyo mula sa relihiyon ng anumang itinagubilin Niya kay Noe, ng ikinasi sa iyo, at anumang itinagubilin kina Abraham, Moises, at Jesus, na [nagsasabi]: "Magpanatili kayo ng Relihiyon at huwag kayong magkahati-hati rito." Lumaki [sa bigat] sa mga tagapagtambal ang ipinaaanyaya mo sa kanila. Si Allāh ay humalal para sa Kanya ng sinumang niloloob Niya at nagpapatnubay tungo sa Kanya ng sinumang nagsisising bumabalik.} (Qur'ān 42:13)

Kaya ang Islām ay hindi isang relihiyon gaya ng mga relihiyon. Ito lamang ay ang pinag-ugatan ng mga relihiyon.

## 23. Ano ang Islām?

**S:** Ang Islām ay ang pagsuko, ang pagpapasailalim, at ang pagpapaakay kay Allāh (napakataas Siya).

Nagsabi Siya na kapita-pitagan ang pumapatungkol sa Kanya: {Sino ang higit na maganda sa relihiyon kaysa sa sinumang nagpasakop ng mukha niya kay Allāh habang siya ay tagagawa ng maganda at sumunod sa kapaniwalaan ni Abraham bilang makatotoo. Gumawa si Allāh kay Abraham bilang matalik na kaibigan.} (Qur'ān 4:125)

Ang kahulugan ng {nagpasakop ng mukha niya kay Allāh} ay sumuko kay Allāh at nagpaakay sa Kanya – kaluwalhatian sa Kanya: napakataas at nagpakabanal ang Panginoon natin. Ito ay ang pinakamaganda sa mga tao sa relihiyon.

Nagsabi pa Siya (napakataas Siya): {sapagkat ang Diyos ninyo ay nag-iisang Diyos kaya sa Kanya ay magpasakop kayo. Magbalita ka ng nakagagalak sa mga nagmamababang-loob,} (Qur'ān 22:34)

Ang kahulugan ng {kaya sa Kanya ay magpasakop kayo} ay sumuko kayo sa hatol Niya.

Ang mga talatang ito ay nagpapahiwatig na ang kahulugan ng Islām ay ang walang-takdang pagsuko kay Allāh (napakataas Siya), ang pagpapaakay sa Kanya (kapita-pitagan Siya sa kataasan Niya), at ang pagsunod sa batas Niya at metodolohiya Niya nang may pagkalugod at pagtanggap. Ito ay ang pinakadiwa ng Islām at ang reyalidad nito.

## Kaya ang Islām ay ang pagsuko kay Allāh sa pagtatadhana Niya at batas Niya.

Ang Islām ay ang Relihiyon ni Allāh para sa lahat ng Sangkatauhan. Nagsabi Siya (napakataas Siya): {Tunay na ang relihiyon sa ganang kay Allāh ay ang Islām.} (Qur'ān 3:19)

Kaya ang Islām ay ang relihiyon na hindi tumatanggap si Allāh ng iba pa rito na mga relihiyon. {Ang sinumang naghahangad ng iba pa sa Islām bilang relihiyon ay hindi ito matatanggap mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga malulugi.} (Qur'ān 3:85)

Ang Islām ay ang Relihiyon na nagsugo si Allāh dahil dito ng lahat ng mga propeta at mga sugo kaya ang relihiyon ng mga propeta ay nag-iisa, ang Islām. Ang lahat ng mga propeta ay nagdala ng Monoteismo, kahit pa nagkaiba-iba ang mga batas nila.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): {Hindi Kami nagsugo bago mo pa ng anumang sugo malibang nagkakasi Kami sa kanya na walang Diyos kundi Ako, kaya sumamba kayo sa Akin.} (Qur'ān 21:25)

Walang natira sa Monoteismong ito na isang relihiyong iba sa Islām.

Ang Islām ay ang relihiyong monoteistikong kaisa-isahan sa araw na ito sa Mundo.

Samantalang ang lahat ng mga nakaugnay sa mga iba pang batas ay naging may isang bahaging kumaunti o dumami mula sa Shirk, matapos ng pagkamatay ng mga propeta at matapos na umiwan sila sa mga tao sa Monoteismo, gumawa naman ang mga tao sa paglipas ng panahon ng mga gawaing makashirk. Walang natira sa araw na ito sa purong Monoteismo na inihatid ng mga propeta na isang relihiyong iba sa Islām.

## 24. Sa Islām kaya ay may sagot para sa mga tanong na nalito ang mga isip sa pagsagot sa mga ito? Saan tayo nagmula? Bakit tayo narito sa Daigdig na ito? Tungo saan ang hantungan?

**S:** Ang Islām ay sumagot sa lahat ng mga tanong na ito sa nag-iisang talata mula sa Marangal na Qur'ān. Nagsabi ang Panginoon natin (kaluwalhatian sa Kanya): {Ano ang mayroon sa akin na hindi ako sumasamba sa lumalang sa akin at tungo sa Kanya pababalikin kayo?} (Qur'ān 36:22)

Saan ako nagmula? Si Allāh ay lumikha sa akin: {lumalang sa akin}.

Saan ako pupunta? Pupunta ako kay Allāh upang tuusin ako sa gawa ko: {at tungo sa Kanya pababalikin kayo}.

Bakit ako dumating sa Daigdig na ito? Para sa pagsamba kay Allāh at para sulitin ako.

Bakit ako sumasamba kay Allāh? Bahagi ng pagkalikas na sumamba ako kay Allāh na lumalang sa akin sapagkat ito ay ang kalikasan ng ugnayan sa pagitan ng tao at ng Panginoon niya: na sumamba ang tao sa Tagalikha niya: {Ano ang mayroon sa akin na hindi ako sumasamba sa lumalang sa akin}.

Nag-iisang talata na nagtipon ng sagot sa pinakamahalagang tatlong tanong na nalilito kaugnay sa mga ito ang sangkatauhan: {Ano ang mayroon sa akin na hindi ako sumasamba sa lumalang sa akin at tungo sa Kanya pababalikin kayo?} (Qur'ān 36:22)

### 25. Papaano akong nakaalam na si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay isang sugo mula sa ganang kay Allāh?

**S:** Ang pagkarami-rami ng mga katunayan ng paghihimala ay nagpapahiwatig ng pangkahulugang pagkakasunud-sunuran sa salaysay at lubos na katiyakan.

Si Aristoteles ay isang pilosopo dahil sa kalipunan ng mga gawa niya at hindi dahil sa isang pangungusap na sinabi niya o isang pagsusuring pilosopikong isinagawa niya.

Si Hipocrates ay isang manggagamot dahil sa kalipunan ng mga proyekto niyang mediko at hindi dahil sa isang siruhiya (surgery) na isinagawa niya.

Gayon din, ang pagkarami-rami ng mga katunayan ng paghihimalang ipinarating buhat sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagpapahiwatig ng pangkahulugang pagkakasunud-sunuran sa salaysay at lubos na katiyakan na siya ay isang propeta.

Kaya kapag tumingin ka sa talambuhay niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), makatatagpo ka na siya ay tapat. Napatanyag nga siya sa katapatan dahil sa pag-amin ng pinakamatindi sa mga tao sa pangangaway sa kanya. Hindi siya naparatangan ng isang kasinungalingan ni isang kasamaang-loob. Pagkatapos, siya ay nagpapabatid ng mga pangyayaring nakalingid saka nagaganap naman ang mga ito

gaya ng [pagpapabatid sa] mga ito. Bago niyon, sumasang-ayon ang paniniwala niya, na ipinaanyaya niya mula sa unang araw, sa paniniwala ng mga propeta sa kalahatan. Pagkatapos, siya ay ang ibinalita ng mga propeta hinggil sa pagdating niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) daan-daang taon bago siya dumating. Kaya ang lahat ng ito ay nagpapahiwatig sa pangkahulugang pagkakasunud-sunuran sa salaysay at lubos na katiyakan sa katumpakan ng mensahe.

Pagkatapos, papaano ang tungkol sa pinakadakilang himala na dinala niya, ang Marangal na Qur'ān?

Ang Qur'ān na ipinanghamon ni Allāh sa mga alagad ng pagpapahayag na maglahad ng tulad nito o ng isang kabanata [na tulad ng] mula rito, ngunit hindi naman nila nagawa.

Nagsabi si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): {hindi kayo nakagawa – at hindi kayo makagagawa} (Qur'ān 2:24)

Hindi nila nagawa at hindi nila nakaya.

Hindi natigil ang Marangal na Qur'ān na naghahamon sa mga magaling magsalita ng mga tagapagtambal [kay Allāh] at mga may katatasan. Sila sa lahat ng ito ay mga umuurong sa pakikipagsalungatan dito, na mga umiiwas sa pakikitulad dito.

Nagsasabi si Dr. Muḥammad Abdullāh Drāz (kaawaan siya ni Allāh): "Hindi ba natatakot noon ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa paghamong ito na makapukaw siya sa pampanitikang alab nila

para magpasimula sila sa pakikipagtagisan sa kanya habang sila ay lahat maingat? Ano, marahil, ang gagawin niya kung sakali na may isang pangkat ng mga magaling magsalita

sa kanila na nagkasunduan na magpalabas ng pananalitang makikipanaig sa kanya kahit pa man sa ilan sa mga aspeto?

Pagkatapos kahit pa umakit sa kanya ang sarili niya na magpalabas ng hatol na ito sa mga tao ng panahon niya, papaano siyang magpapalabas nito sa mga darating na salinlahi?

Tunay na ito ay isang pakikipagsapalarang walang susulong dito na isang lalaking nakaaalam sa halaga ng sarili niya malibang siya ay nakapupuno ng mga kamay niya ng mga pamamatnugot ng tadhana at ng pabatid ng langit. Ganito siya pumukol nito sa gitna ng Daigdig. Ito ay naging ang tadhanang pinagtibay kaya ang lahat ng sumalungat sa kanya ay nauwi sa maliwanag na kawalang-kakayahan at nagpapahiyang kabiguan sa paglipas ng mga panahon at mga yugto."(1)

Talaga ngang nagturing ang mga tagapagtambal na ito na ang pag-ipon ng mga hukbo at ang pagbuo ng mga lapian para sa pakikipagdigmaan sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay higit na magaan at higit na madali kaysa sa pakikipagsalungatan sa Qur'ān at pagtanggap sa hamon. Ito ay ang masinsinan sa pagpupunyagi nila: {Nagsabi ang mga tumangging sumampalataya: "Huwag kayong makinig sa Qur’ān na ito at sumatsat kayo [sa pagbigkas] nito, nang sa gayon kayo ay mananaig.} (Qur'ān 41:26)

Ang mga Arabe sa kalahatan ni ang mga kalipunan na ipinaabot para sa mga ito ang hamon ay hindi nakagawa ng isang anumang makapagpapahinga dahil dito ang mga ateista at makapagbibigay-pahinga sila sa pamamagitan nito sa mga iba pa sa kanila.

(1) Ang Dakilang Balita, Dr. Muḥammad Abdullāh Drāz (kaawaan siya ni Allāh), Pahina 44-45.

Nagsasabi si Al-Alūsīy (kaawaan siya ni Allāh): "Hindi nakabigkas ang isa sa kanila hanggang sa araw nating ito ng mailalabas ng bibig at hindi nakapagpahayag ng isang nailalarawan o isang paglalarawan."

Nagsabi si Jubayr bin Muṭ`im nang hindi pa siya noon yumakap sa Islām: "Narinig ko ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na bumibigkas sa [dasal sa] paglubog [ng araw] ng [kabanatang] Aṭ-Ṭūr. Noong umabot siya sa talatang ito: {35. O nilikha sila ng hindi isang anuman o sila ay ang mga tagalikha? 36. O lumikha sila ng mga langit at lupa? Bagkus hindi sila nakatitiyak. 37. O taglay ba nila ang mga imbakan ng Panginoon mo, o sila ay ang mga tagapangibabaw?}, (Qur'ān 52:35-37)

halos ang puso ko ay lumipad."(1)

Ang Qur'ān ay may mga lihim na kahanga-hanga na umaabot sa kaluluwang pantao.

Magnilay-nilay ka kung papaano na ang kababaihan ng mga tagapagtambal ay nagsisiksikan noon sa paligid ng bahay ni Abū Bakr, kapag bumibigkas siya ng Qur'ān, dahil sa pagkalabis ng pagkahalina nila at pagkaapekto nila rito, hanggang sa nagpahilakbot iyon sa kalalakihan ng liping Quraysh.(2)

Dahil doon nagkaisa ang pasya ng mga delegasyon ng mga Arabe na hindi sila makinig sa Qur'ān at hindi sila magparinig nito sa mga mag-anak nila. Ito ay ang kaisa-isahang paraan para manatili sa kawalang-pananampalataya.

Kabilang sa mga kahanga-hanga sa Marangal na Qur'ān – at ang mga kahanga-hanga nito ay hindi nauubos – ang

(1) Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy, ḥadīth: 4854.
(2) Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy, ḥadīth: 3905.

binanggit ni Dr. Muḥammad Abdullāh Drāz (kaawaan siya ni Allāh) kaugnay sa isyu ng pagbaba ng mga talata ng Qur'ān sa mga oras na nagkakaibahan. Pagkatapos tumutukoy ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa paglalagay ng ilan sa mga talata sa mga lugar na tinakdaan sa pagitan ng mga kabanata at iba pang mga talata sa pagitan ng mga iba pang mga kabanata. Pagkatapos lumilitaw sa bandang huli ang bawat kabanata gaya ng isang nagsasariling estruktura. Nagsasabi siya (kaawaan siya ni Allāh): "Sa oras ng pagbaba ng Qur'ān, ang ilan sa mga puwesto sa Qur'ān ay nagkakadagdagan sa kinahiwalayan buhat sa mga iba pang puwesto at bumubuo nang padahan-dahan sa mga nagsasariling yunit matapos na may maisama sa mga ito na mga iba pang talata na bumaba matapos ng mga ito, at na ang ilan sa mga ito ay idinadagdag dito at ang mga iba pa ay sumisingit sa iba pa sa mga ito doon, alinsunod sa utos ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na tumatanggap naman nito noon mula sa Banal na Espiritu.

Kapag inilagay natin sa pagsasaalang-alang natin ang mga petsa na walang limit sa mga ito: ang mga petsa ng pagbaba ng mga talata ng Marangal na Qur'ān, makapapansin tayo na ang pagkakasing ito sa isang paraang pangkalahatan ay nakaugnay sa mga kalagayan at mga pangyayaring natatangi. Tunay na iyon ay nag-aanyaya sa atin tungo sa pagtatanung-tanong tungkol sa oras na kinalubusan ng proseso ng pag-organisa ng bawat kabanata ayon sa anyo ng isang nagsasariling yunit.

Para bang ang Qur'ān noon ay mga pirasong nagkahiwa-hiwalay at numerado mula sa isang matandang estruktura, na ninanais ang pagpapanumbalik sa estruktura nito sa iba pang lugar ayon sa mismong naunang anyo nito at kung hindi ay

papaano maaari ang pagpapakahulugan ng pagkakasunud-sunod na ito na agaran at masistema nang sabayan hinggil sa nauugnay sa marami sa mga kabanata?

Subalit aling garantiyang pangkasaysayang nakakakaya na magtamo niyon ang tao sa sandali ng paglalagay ng tulad sa panukalang ito sa harap ng mga panghinaharap na pangyayari, mga pampagbabatas na hinihiling ng mga ito, at mga hinahangad na solusyon para sa mga ito bukod pa sa pangwikang anyo na kinakailangan na ihain ng mga solusyon at pang-istilong pagsasang-ayunan sa kabanatang ito sa halip niyon?

Hindi ba tayo naghihinuha na ang pagkabuo ng panukalang ito at ang pagsasakatuparan nito sa inaasahang anyo ay humihiling ng isang panghihimasok mula sa isang Dakilang Tagalikha, na natatagpuan sa ganang Kanya ang kakayahan sa pagpapanatili sa hinahangad na koordinasyong ito?"(1)

Ang Qur'ān ay isang nagsasariling himala sa katapatan ng pagkapropeta niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Ang mga himala ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nangyari sa mga kamay niya ay marami, na lumalabis nang marami sa isang libo. Ang pagkakaalam sa mga ito ay maaga at ang mga tagapagpaabot ng mga ito ay ang pinakatapat sa mga nilikha at ang pinakamabuting-loob sa kanila.

Ang mga tagapagsalaysay na ito na nagpaabot sa atin ng mga himalang ito ay hindi nagpapahintulot noon ng kasinungalingan sa anumang kaliit-liitan kaya papaano silang magsisinungaling hinggil sa Propeta samantalang sila ay nakaaalam na ang sinumang nagsinungaling hinggil sa kanya

(1) Pambungad sa Marangal na Qur'ān, Dr. Muḥammad Abdullāh Drāz.

nang sinasadya ay lumuklok ito sa upuan nito mula sa Apoy gaya ng ibinigay-babala niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Ang ilan sa mga himala niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nasaksihan ng libu-libo sa mga Kasamahan at ang ilan sa mga ito ay isinalaysay ng sampu-sampu mula sa kanila, kaya papaano silang magkakaisa sa pagsisinungaling sa lahat ng ito?

Isang halimbawa sa mga himala niya na dinaluhan ng isang malaking pagtitipon ng mga tao ang [nasaad sa] ḥadīth tungkol sa pananabik ng troso [ng datiles]. Ito ay isang ḥadīth na napatanyag na nagkakasunud-sunuran sa salaysay, kung saan [nabanggit na] ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagtatalumpati dati sa ibabaw ng troso ngunit noong ginawan siya ng mimbar at umakyat siya roon at nagtalumpati siya, nanabik ang troso, humaluyhoy ito ng haluyhoy ng bata, at hindi tumigil na humahaluyhoy at nananabik hanggang sa niyakap ito ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka tumahimik ito.

Ang ḥadīth na ito ay isinalaysay ng mga Kasamahan na sina Anas bin Mālik, Jābir bin `Abdillāh, `Abdullāh bin `Abbās, `Abdullāh bin `Umar, Ubayy bin Ka`b, Abū Sa`īd, Sahl bin Sa`d, `Ā'ishah bint Abī Bakr, at Umm Salamah.

Ang tulad kaya ng bilang na ito ng mga Kasamahan ay nagkakaisa sa pagsisinungaling sa isang salaysay ng ulat gaya nito?

Bagkus, tunay na ang ilan sa mga himala niya ay nasaksihan ng libu-libong Kasamahan tulad ng pagbukal ng tubig mula sa pagitan ng mga marangal na daliri niya hanggang sa nakapagsagawa siya ng wuḍū' mula rito at nakainom ng tubig ang 1,500 Kasamahan. Ang ḥadīth [na ito]

ay nagkakasunud-sunuran sa salaysay at nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy at Imām Muslim.

Ang pagpaparami ng kakaunting pagkain upang makakain mula rito ang malaking hukbo, ito rin ay inihatid ng mga ulat na nagkakasunud-sunuran sa salaysay ayon sa mga Kasamahan. Bumanggit nga si Imām Al-Bukhārīy lamang ng mga himala ng pagpaparami ng pagkain sa kamay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa limang bahagi mula sa Ṣaḥīḥ niya.[1]

Kaya kapag ang mga patunay sa katapatan ay napagtibay at ang mga himala ay puspos sa pagkapropeta niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), paano para sa isang nakapag-uunawa na magpasinungaling sa lahat ng ito?

Ang mga [sumusunod na] ito ay kakarampot na iba pang halimbawa mula sa mga himala niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) noong isa sa mga gabi na may isang matinding hanging iihip. Sinaway niya ang mga tao laban sa pagtayo ngunit may tumayong isang lalaki kaya binuhat ito ng hangin at itinapon sa isang lugar na malayo sa lugar nito.[2]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) hinggil sa pagkamatay ng Najāshīy sa araw na kinamatayan nito. Sumambit siya ng "Allāhu akbar"para rito nang apat na ulit [sa isinagawa niyang dasal para sa patay].[3]

(1) Al-Bukhārīy: 1217, Al-Bukhārīy: 2618, Al-Bukhārīy: 3578, Al-Bukhārīy: 4101, at Al-Bukhārīy: 6452. Ang lahat ng mga ito ay mga pangyayari at mga kaganapang nagkakaiba-iba na nagkakalayuan. Ito ay sa Al-Bukhārīy lamang!

(2) Ṣaḥīḥ Muslim, ḥadīth: 3319.

(3) Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy, ḥadīth: 1333.

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) hinggil sa pagkamartir nina `Umar, `Uthmān, `Alīy, Ṭalḥah, at Az-Zubayr (malugod si Allāh sa kanila sa kalahatan) at na sila ay hindi mamamatay sa mga higaan nila gaya ng pagkamatay ng mga tao.

Umakyat nga sa bundok isang araw ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) mismo at sina Abū Bakr, `Umar, `Uthmān, `Alīy, Ṭalḥah, at Az-Zubayr. Gumalaw ang malaking bato kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Huminahon ka sapagkat walang nasa ibabaw mo kundi propeta o napakatapat o martir."(1)

Humatol ang Propeta sa sarili niya ng pagkapropeta, kay Abū Bakr ng pagkanapakatapat, at sa mga nalalabi na sila ay magiging mga martir. Nangyari ang ipinabatid niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

May 150 ḥadīth na dumalangin dahil sa kanila ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Panginoon niya at sinagot naman siya kaagad habang ang mga tao ay nakasasaksi!(2)

Yayamang humiling ang mga mamamayan ng Makkah sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na magpakita siya sa kanila ng isang himala, ipinakita niya sa kanila ang buwan nang nabiyak sa dalawa hanggang sa nakita nila ang [bundok ng] Ḥirā' sa pagitan ng dalawa. Ang ḥadīth na ito ay mutāwatir (nagkakasunud-sunuran sa salaysay). Ibig

(1) Ṣaḥīḥ Muslim, ḥadīth: 2417.

(2) Nagtipon ng mga ḥadīth na ito si Sa`īd bin `Abdilqādir Bāshanfar sa aklat niyang [pinamagatang] Dalā'il An-Nubūwah (Mga Katunayan ng Pagkapropeta). Ang aklat [na ito] ay kabilang sa mga publikasyon ng Dār Ibnu Ḥazm.

sabihin: ito ay nasa pinakamataas sa mga antas ng katumpakan.

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nga noon ay bumibigkas ng Kabanatang Al-Qamar, na naglalaman ng himala ng pagbiyak ng buwan, sa malalaking pagtitipon gaya ng sa mga biyernes at mga pagdiriwang upang magparinig sa mga tao ng nasaad dito na mga himala sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Siya noon ay nagpapatunay sa pamamagitan ng mga ito sa katapatan ng pagkapropeta niya.

Pagkatapos ang pagpapabatid ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Adan ay ang kahuli-hulihan sa pagkalikha mula sa mga buhay na bagay: "Lumikha Siya kay Adan matapos ng hapon ng araw ng Biyernes sa kahuli-hulihan sa pagkalikha."[(1)]

Ang makaagham na katotohanang ito ay naging napagtibay ngayon ngunit papaanong nakaalam ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Adan (sumakanya ang pangangalaga) ay ang kahuli-hulihan sa mga bagay sa paglitaw sa lupa matapos ng paglitaw ng halaman at hayop?

Magmasid ka sa sabi ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): {Gumawa Kami sa gabi at maghapon bilang dalawang tanda, saka pumawi Kami sa tanda ng gabi at gumawa Kami sa tanda ng maghapon bilang nagbibigay-paningin} (Qur'ān 17:12)

Ang {saka pumawi Kami sa tanda ng gabi} ay nangangahulugan: na ang buwan, na siyang tanda ng gabi, ay tagapagtanglaw, pagkatapos pinawi ang tanglaw nito.

(1) Ṣaḥīḥ Al-Jāmi`, 8188.

Ito ay nga talaga ang ipinakahulugan ng mga Kasamahan sa marangal na talata sapagkat nagsalaysay nga si Imām Ibnu Kathīr sa pagpapakahulugan niya na si `Abullāh bin `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) ay nagsabi: "Ang buwan ay nagtatanglaw gaya ng pagtatanglaw ng araw, na siyang tanda ng gabi, saka pinawi ito."

Ang kataka-taka ay na ito ang kinahantungan ng kaalaman sa ngayon sapagkat naglathala ang NASA sa opisyal na website nito at opisyal na tsanel: Ang unang yugto ng edad ng buwan at doon ay may tagapagtanglaw na nagliliyab.(1)

Napagtibay nga sa pamamagitan ng pagkakasunud-sunuran sa salaysay ang pagkaganap ng mga himala, ng pagpapabatid hinggil sa mga pangyayaring nakalingid, ng mga kaliit-liitan ng mga lihim ng lupa at mga langit na walang limit sa mga ito sa pamamagitan ng nag-iisang lalaki (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), at ng pagbaba ng Qur'ān sa kanya. Naghatid siya ng nasa mga propeta bago pa niya. Siya noon ay inaalalayan mula sa ganang kay Allāh at hindi namatay hanggang sa nalubos at nakumpleto ang Batas.

Ang pagkatiyak na siya ay isang propeta ay katinuan ng isip.

Ang mga pangnakalingid na himala niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay lumalabis sa isang libo.

Ang mga tagapagpaabot ng mga himala ay ang mga Kasamahan niya, ang pinakatapat sa mga nilikha at ang pinakamabuting-loob sa kanila matapos niya.

Ang kataka-taka ay na ang malalaki sa mga Kasamahan ay yumakap sa Islām bago nila makita ang mga himala sapagkat yumakap sila sa Islām dahil sila ay nakaaalam na si Propeta

(1) http://www.nasa.gov/mission_pages/LRO/news/vid-tour.html https://www.youtube.com/watch?v=UIKmSQqp8wY

Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay tapat at na siya ay hindi nagsinungaling kailanman.

Ang saloobing ito mula sa malalaki sa mga Kasamahan ay isang saloobing makatwirang marunong sapagkat ang katapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay isang nakasasapat na nagsasariling patunay para sa pagtitibay sa katumpakan ng pagkapropeta. Ito ay dahil ang taong nag-aangkin ng pagkapropeta ay maaari na maging pinakatapat sa mga tao dahil siya ay isang propeta sapagkat ang propeta ay ang pinakatapat sa mga tao,

o maaari na maging pinakasinungaling sa mga tao dahil siya ay gumagawa-gawa ng isang kasinungalingan sa pinakasukdulan sa mga bagay-bagay sa kahalagahan.

Hindi nakalilito ang pinakatapat sa mga tao sa pinakasinungaling sa mga tao maliban sa pinakamangmang sa mga tao.(1)

Kaya anong dali na makaya ng nakapag-uunawa na magbukod sa pagitan ng pinakatapat sa mga tao at pinakasinungaling sa mga tao.

Umamin nga ang mga tagapagtambal sa kauna-unahang araw ng pagpapadala sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya ay hindi nagsinungaling kailanman sapagkat nagsabi sila: "Hindi kami nakaranas sa iyo ng isang pagsisinungaling."(2)

---

(1) Thubūt An-Nabūwāt `Aqlan Wa Naqlan (Pagkatibay ng mga Pagkapropeta sa Katwiran at sa Pagpapaabot), Ibnu Taymiyah, Dār Ibni Al-Jawzīy, Pahina 573; at ayon sa kahulugan nito sa mismong sanggunian, Pahina 318.

(2) Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy, ḥadīth: 4971.

Nang nagtanong si Heraclio kay Abū Sufyān bago yumakap ito sa Islām: "Kayo ba noon ay nagpaparatang sa kanya ng pagsisinungaling bago siya magsabi ng sinabi niya?"

Nagsabi si Abū Sufyān: "Hindi."

Kaya nagsabi si Heraclio: "Hindi naging ukol na magwaksi siya ng pagsisinungaling sa mga tao at magsinungaling naman kay Allāh."

Pagkatapos kumumpleto si Heraclio [ng pahayag niya] sapagkat nagsabi siya ng pagkakasabi niyang tanyag: "Kung sakaling ako ay naging nasa piling niya, talagang ako nga ay naghugas ng mga paa niya."(1)

Nawalang-kakayahan nga ang mga tagatangging sumampalataya sa paglalantad ng nag-iisang pagsisinungaling sa tanang buhay niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Dahil doon, nagmasama ang Qur'ān sa kanila ng kawalang-pananampalataya nila sa kabila ng pagkakaalam nila sa kalagayan niyang ito bago ng pagpapadala sa kanya sapagkat nagsabi ang Panginoon natin (kaluwalhatian sa Kanya): {O hindi sila nakakilala sa Sugo nila kaya sila sa kanya ay mga tagapagkaila?} (Qur'ān 23:69)

Kaya ang kalagayan ng Propeta at ang talambuhay niya ay isang nagsasariling patunay bilang siya ay isang propeta.

Basbasan siya ni Allāh at pangalagaan.

Kaya kapag ang mga sanhi ng katapatan ay pangkalahatan at nagkakatigan sa pagkapropeta niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), paano para sa isang nakapag-uunawa na magpasinungaling sa lahat ng ito?

---

(1) Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy, ḥadīth: 7.

## 26. Papaano akong makaaalam na ako ay hinihilingan ng pagsampalataya kay Allāh?

**S:** Tumingin ka sa sarili mo, malalaman mo na ikaw ay sinusubok. Hindi ba nasa loob mo ang pagkaramdam [ng utos na]: "Gawin mo ang tama" at "Huwag mong gawin ang mali]?

Kung sakaling sa harapan mo ay may mga salapi samantalang ang may-ari ng mga ito ay abalang malayo sa mga ito, tunay na may darating sa iyo na isang pagkaramdam [na nagsasabing]: "Kunin mo ang mga salaping iyan at pakinabangan mo" at isang katapat na pagkaramdam na nagsasabi sa iyo: "Huwag mong gawin iyan sapagkat iyan ay bawal at krimen."

Kaya naman ikaw ay sinusubok sa bawat saloobin ng buhay mo.

Ang pagkaramdam na ito – pagkaramdam [na nagsasabing]: "gawin mo" at "huwag mong gawin" – ay umiiral sa loob mo dahil ikaw ay talaga namang isang sinusulit at hindi isang pinababayaan. Hindi ka isang bagay na gayon na walang halaga.

Nagsabi Siya (pagkataas-taas Niya): {Tunay na Kami ay nagpatnubay sa kanya sa landas, na maaaring maging isang tagapagpasalamat at maaaring maging isang mapagtangging magpasalamat.} (Qur'ān 76:3)

Kaya ang tao sa loob niya ay [sinasabihang:] "gawin mo" at "huwag mong gawin" sapagkat siya ay maaaring maging isang tagapagpasalamat at maaaring maging isang mapagtangging magpasalamat sa bawat saloobin ng buhay niya.

Bagkus sa bawat hakbang mula sa mga hakbang ng buhay ng tao, maaari para sa tao na gumawa ng kabutihan o

gumawa ng kasamaan. Aalis kaya siya papunta sa masjid o aalis siya upang maglibang?

Dahil doon, nagsabi si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): {Hindi Ako lumikha ng jinn at tao kundi upang sumamba sila sa Akin.} (Qur'ān 51:56)

Sa bawat hakbang, makatatagpo ka ng isang uri ng pagpapakamananamba kay Allāh o isang pagsuway sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya).

Ang sinumang naituon sa paggawa ng ipinag-utos ni Allāh ay naligtas at ang sinumang sumuway sa ipinag-utos ni Allāh ay nagkamali.

Ang pagkanakapipiling ito ay nagreresulta rito ng pagtutuos sa tao sa bawat anumang ginawa niya.

Ang layon ng paglikha sa atin ay masulit tayo at masubok tayo. Ito ay ang layon na nagsugo si Allāh alang-alang dito ng mga sugo at nagpababa Siya ng mga kasulatan. {Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo, na [nagsasabi]: "Sumamba kayo kay Allāh at umiwas kayo sa huwad (na sinasamba)."} (Qur'ān 16:36)

Matapos na magwakas ang pagsubok sa pamamagitan ng kamatayan, manunumbalik tayo kay Allāh: {at tungo sa Kanya pababalikin kayo} (Qur'ān 36:22)

{Na tungo sa Panginoon mo ang pinagwawakasan.} (Qur'ān 53:42)

{Tunay na tungo sa Panginoon mo ang pagbabalikan.} (Qur'ān 96:8)

Kaya tayo ay manunumbalik kay Allāh upang tuusin tayo sa anumang [gawang] ipinauna natin. {40. at na ang pagpupunyagi niya ay makikita. 41. Pagkatapos gagantihan siya ng ganting pinakasapat.} (Qur'ān 53:42)

Makikita ang ipinauna mo na gawa at tutuusin ka roon. {7. Kaya ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang katiting na kabutihan ay makikita niya iyon, 8. at ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang katiting na kasamaan ay makikita niya iyon.} (Qur'ān 99:7-8)

## 27. Nakasasapat kaya ang pananampalataya kay Allāh at ang kawalang-pananampalataya sa mga propeta?

**S:** Hindi.

Ang pananampalataya sa kairalan ni Allāh kasabay ng kawalan ng pananampalataya sa mga propeta ay hindi nakasasapat nang sa gayon ang tao ay maging isang tagapagpasakop kay Allāh sapagkat ano ang kahulugan na sumampalataya ka na si Allāh ay ang Tagalikha, ang Tagapagtustos, at ang Tagapangasiwa, pagkatapos tumatanggi kang sumampalataya sa pagkakasi Niya at magkaila ka sa mga sugo Niya?

Ito ay isang kawalang-pananampalatayang higit na malaki.

Bagkus, walang may higit na sukdulan sa krimen kaysa sa isang tumatanggi kay Allāh ng pagkasi Niya. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya). {150. Tunay na ang mga tumatangging sumampalataya kay Allāh at sa mga sugo Niya, nagnanais na magtangi-tangi sa pagitan ni Allāh at ng mga sugo Niya, nagsasabi: "Sumasampalataya kami sa ilan at tumatanggi kaming sumampalataya sa iba pa," at nagnanais na gumawa sa pagitan niyon ng isang landas, 151. ang mga iyon ay ang mga tagatangging sumampalataya, sa totoo. Naglaan Kami para sa mga tagatangging sumampalataya ng isang pagdurusang manghahamak.} (Qur'ān 4:150-151)

Kaya ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at tumatangging sumampalataya sa mga propeta, siya ay ang tagatangging sumampalataya nang totohanan.

Kaya ang bawat sinumang tumangging sumampalataya sa isang propeta kabilang sa mga propeta, siya ay isang tagatangging sumampalataya kay Allāh dahil siya ay nagkaila ng pagkakasi ni Allāh. Dahil doon, ang mga May Kasulatan ay tumangging sumampalataya dahil sa kawalang-pananampalataya nila sa pagkapropeta ni Muḥammad na anak ni `Abdullāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). {Tunay na ang mga tumangging sumampalataya kabilang sa mga May Kasulatan at mga tagapagtambal ay nasa Apoy ng Impiyerno bilang mga mananatili roon. Ang mga iyon ay ang pinakamasama sa sangkinapal.} (Qur'ān 98:6)

Ang banta ni Allāh ng pagpasok nila sa Impiyerno ay totoo: {nagindapat ang banta Ko.} (Qur'ān 50:14)

Kaya hindi [nangyaring] ang Islām at hindi [nangyaring] ang kaligtasan ay dahil sa payak na pagkilala ng tao na si Allāh ay ang Tagalikha, ang Tagapagtustos, ang Tagapagbigay-buhay, at ang Tagapagbigay-kamatayan lamang; bagkus hindi makaiiwas sa pananampalataya sa mga sugo Niya.

Samakatuwid, ang pananampalataya sa kairalan ni Allāh at ang kawalang-pananampalataya sa mga propeta ay hindi nakasasapat at hindi nagpapakinabang sa tao sa ganang kay Allāh sa Araw ng Pagbangon yayamang hindi makaiiwas na sambahin si Allāh at malubos ang pananampalataya sa lahat ng mga sugo Niya.

Kung sakaling ang pananampalataya sa kairalan ni Allāh ay naging nakasasapat, talaga sanang hindi na nagsugo si Allāh ng mga sugo Niya at hindi na Siya nagpababa ng mga

kasulatan Niya dahil ang sangkatauhan sa kalahatan ay nakakikilala kay Allāh sa pamamagitan ng naturalesa.

Kaya si Allāh na lumikha sa iyo, nagpatnubay sa iyo, at tumustos sa iyo ay Siya – tanging Siya – ang karapat-dapat na sambahin mo gaya ng isinabatas Niya sa pamamagitan ng mga sugo Niya at mga propeta Niya.

## 28. Magtatamo kaya ang tagatangging sumampalataya ng pabuya mula kay Allāh sa gawa niyang maayos?

**S:** Ang maayos na paggawa ay isang naturalesang nagsanaturalesa si Allāh sa mga tao ayon dito. Dahil doon, nakakikita ka sa alinmang tao na maaaring gumawa ng mga maayos na gawa kahit pa man siya ay isang tagatangging sumampalataya o isang tagapagtambal [kay Allāh] sapagkat ang lahat ay gumagawa ng mga maayos na gawa dahil sa naturalesa na isinanaturalesa sila ayon dito.

Subalit ang kundisyon ng pagtanggap sa maayos na gawa ay na pinakay dahil dito ang [lugod ng] mukha ni Allāh, na nangangahulugang: nilalayon dahil dito ang pagtamo ng gantimpala rito mula kay Allāh.

Dahil doon, ang taong tagatangging sumampalataya kay Allāh na sumasamba kasama kay Allāh sa mga iba pang diyos ay magsasabi tayo sa kanya: "Pumunta ka sa mga itinambal mo kasama kay Allāh sa maayos na gawa mo at magtamo ka ng pabuya mo mula sa kanila sapagkat ikaw ay hindi nagmimithi sa pamamagitan ng mga maayos na gawa mo [ng lugod] ng mukha ni Allāh lamang.

Magguniguni ka ng isang tao na nagsagawa ang pamilya niya ng pag-aalaga sa kanya at paggugol sa kanya hanggang siya ay naging isang malakas na binata, pagkatapos pumunta

siya sa iba pa sa kanila upang maglingkod sa mga iyon, magigindapat kaya para sa kanya na manumbalik sa pamilya niya upang magsabi sa kanila: "Magbigay kayo sa akin ng upa ng paglilingkod ko sa iba pa sa inyo?"

Kaya pumunta siya sa mga pinaglilingkuran niya upang magtamo ng upa niya mula sa kanila.

Sa kay Allāh ang pinakamataas na paglalarawan!

Si Allāh ay ang lumikha sa iyo, tumustos sa iyo, at nagmagandang-loob sa iyo ng lahat ng mga biyaya, pagkatapos mag-iiwan ka ng pagsamba sa Kanya at magnanais ka na kumuha mula sa Kanya ng upa sa gawa mo? Papaano ito?

Dahil doon, nagsabi si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): {Tutuon Kami sa anumang ginawa nila na gawain saka gagawin namin ito na alabok na isinabog.} (Qur'ān 25:23)

Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya): {Ang mga tumangging sumampalataya, ang mga gawa nila ay gaya ng isang malikmata sa isang mababang kapatagan, na inaakala ng uhaw na isang tubig; hanggang sa nang dumating siya roon ay hindi siya nakatagpo roon ng anuman} (Qur'ān 24:39)

Kaya ang mga tumangging sumampalataya ay hindi nagiging karapat-dapat sa gantimpala sa gawa kahit pa ito ay naging maayos dahil sila ay mga tagatangging sumampalataya na hindi nagpakay sa maayos na gawa na magkamit ng gantimpala ng Panginoon nila at hindi naghangad dahil dito ng lugod ng Tagalikha nila.

Kaya ang isyu ay hindi sa payak na maayos na gawa sapagkat tayo sa kalahatan ay mga naisanaturalesa sa marami sa mga maayos na gawa. Tanging ang isyu ay bakit ka gumagawa ng maayos na gawang ito at para kanino ka

gumagawa nito? Gumagawa ka ba nito para sa personal na kapakanan mo o gumagawa ka nito bilang pakitang-tao o gumagawa ka nito para sa iba pa kay Allāh?

Ang lahat ng ito ay hindi alang-alang sa landas ni Allāh at hindi minithi mula rito ang gantimpala sa maayos na gawa, na minimithi mula kay Allāh.

## 29. Kung ang Islām ay ang Relihiyon ng Katotohanan, bakit nakatatagpo ng mga hinala?

**S:** Ang hinala ay isang usapin na hindi naiintidihan ng Muslim sa Relihiyon niya at maaaring nakalilito ito sa kanya hanggang sa makatagpo siya para rito ng isang tugon.

Niloob nga ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) na magkaroon ng mga bagay-bagay na nakalilito sa mga usaping sekondaryo ng relihiyon nang sa gayon lumayo ang tao dahil sa mga ito sa sinumang nagnanais ng kabulaanan palayo sa pagtalima sa Panginoon niya.

Nagsabi si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): {Siya ay ang nagpababa sa iyo ng Aklat; mula rito ay may mga talatang isinatahasan – na ang mga ito ay ang saligan ng Aklat – at may mga ibang pinatalinghaga. Hinggil sa mga nasa mga puso nila ay may pagliko, sumusunod sila sa anumang tumalinghaga mula rito dala ng paghahangad ng ligalig at dala ng paghahangad ng pagbibigay-pakahulugan dito samantalang walang nakaaalam sa pagpapakahulugan dito kundi si Allāh. Ang mga nagpakalalim sa kaalaman ay nagsasabi: "Sumampalataya kami rito; lahat ay mula sa ganang Panginoon namin." Walang nagsasaalaala kundi ang mga may isip.} (Qur'ān 3:7)

Ang {Hinggil sa mga nasa mga puso nila ay may pagliko, sumusunod sila sa anumang tumalinghaga mula rito} ay ang

[mga taong] sa puso ay may pagliko, na susunod sa mga hinalang ito dala ng paghahangad ng ligalig at dala ng paghahangad ng paglayo kay Allāh.

Niloob nga ni Allāh dahil sa karunungan Niya na magkaroon ng pananampalataya at kawalang-pananampalataya. {saka kabilang sa inyo ay tagatangging sumampalataya at kabilang sa inyo ay mananampalataya.} (Qur'ān 64:2)

Nauugnay sa mga hinalang ito ang nagnanais ng kawalang-pananampalataya at naaabala siya, dahil sa mga ito, palayo sa relihiyon niya, palayo sa pagdarasal niya, at palayo sa pananampalataya niya.

Hinggil naman sa mananampalataya, tunay na siya ay sumusunod sa mga patunay na isinatahasan na napagtibay, na siyang Ina ng Aklat, sa katumpakan ng Relihiyon at katumpakan ng pasugo. Kung sakaling nakatagpo siya ng anumang hindi niya naiintidihan, tunay na siya ay nagtatanong tungkol doon subalit siya ay hindi naaabala, dahil sa anumang hindi niya naiintidihan, palayo sa relihiyon niya at pagdarasal niya.

Kaya walang naaabala palayo sa relihiyon dahil sa hindi naiintindihan kundi ang sinumang sa puso niya ay may karamdaman. {at upang magsabi ang mga sa mga puso nila ay may sakit at ang mga tagatangging sumampalataya: "Ano ang ninais ni Allāh dito bilang paghahalintulad?" Gayon nagliligaw si Allāh sa sinumang niloloob Niya at nagpapatnubay sa sinumang niloloob Niya.} (Qur'ān 74:31)

Bahagi ng kasanhian ng kairalan ng mga hinala, gayon din, na ang mga [usaping] nakapaghihinalang ito ay napababukod sa pamamagitan ng mga ito ang mga may kaalaman at ang mga may pagkatalos sa relihiyon ni Allāh, kaya makakikita ka sa nakaaalam na marunong sa pagsagot ng mga bagay-bagay

na napaghihinalaan at nabubukod siya dahil sa mga ito sa ordinaryong tao na hindi nagpakalalim sa Relihiyon at hindi nag-aral nito, kaya naman nag-aangat si Allāh ng mga antas sa mga binigyan ng kaalaman.

Ang katotohanan ay maliwanag subalit hindi makaiiwas sa kairalan ng tumatalinghaga dahil natatamo sa pamamagitan nito ang pagsasala.

Ang kalakaran ni Allāh sa nilikha Niya ay ang pag-aatang ng tungkulin at ang kalakaran Niya sa pag-aatang ng tungkulin ay ang pagkakubli ng bahagi ng kasanhian. Ang nagwawagi ay ang sinumang nagpapatunay sa pamamagitan ng nalalaman niya sa [usaping] naikubli at naging maselan at ang nalulugi ay ang sinumang naglagay mula sa [usaping] namamangmang siya ng isang tabing na nagkakait sa kanya ng pagpapatunay sa pamamagitan ng nalalaman niya.

## 30. Bakit lumikha si Allāh ng kasamaan? O sa iba pang kahulugan: Papaanong tutugon ang Muslim sa "suliranin ng kasamaan"?

**S:** Ang pagsubok ng kasamaan ay humigit-kumulang ang pinakamalaki sa mga kadahilanan ng Ateismo sa hinaba-haba ng kasaysayan.

{Mayroon sa mga tao na sumasamba kay Allāh sa isang gilid. Kaya kapag may tumama sa kanya na isang mabuti, napapanatag siya rito; at kapag may tumama sa kanya na isang pagsubok, umuuwi siya sa [dating] mukha niya. Nalugi siya sa Mundo at Kabilang-buhay. Iyon ay ang pagkaluging malinaw.} (Qur'ān 22:11)

Mayroong tumatangging sumampalataya kay Allāh dahilan sa isang tukso o isang pagsubok o isang sakuna na bumaba sa kanya.

Dito ay maaaring magtanong ang ateista kaya magsasabi siya: Bakit mayroong kasamaan mula sa simula pa?

Ang sagot nang may kasimplehan: Dahil tayo ay mga inatangan ng tungkulin,

dahil tayo ay nasa daigdig na pagsusulit.

Nagsabi ang Panginoon natin (kaluwalhatian sa Kanya): {Susubok Kami sa inyo sa pamamagitan ng kasamaan at kabutihan bilang tukso. Tungo sa Amin pababalikin kayo.} (Qur'ān 21:35)

Kaya ang kabutihan at ang kasamaan ay dahil ikaw ay inatangan ng tungkulin at ang pag-aatang ng tungkulin ay ang layon ng pag-iral mo.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): {na lumikha ng kamatayan at buhay upang sumubok Siya sa inyo kung alin sa inyo ang pinakamaganda sa gawa. Siya ay ang Makapangyarihan, ang Mapagpatawad,} (Qur'ān 67:2)

Ang kairalan ng kasamaan at ang kairalan ng mga tukso at mga pagsubok, sa saklaw mismo nito, ay pinakamalaking patunay sa katumpakan ng usaping panrelihiyon at sa kamalian ng Ateismo.

Kaya kung sakaling tayo ay naging ang mga anak ng Materyal na Daigdig, talagang hindi sana tayo nakawari sa kabutihan ni kasamaan.

Kung sakaling ang Sansinukob sa kabuuan nito ay walang kahulugan, talaga sanang hindi na luminaw sa atin nang walang pasubali na ito ay walang kahulugan[(1)] dahil tayo alinsunod sa ateistang pagtanaw ay tumatahak sa mga katiyakang materyalistang mabagsik at natutupad sa atin ang mga batas na Kalikasan. Sa balangkas na ito ay hindi tayo

(1) C. S. Lewis

makawawari sa kakanyahan ng kasamaan ni sa kahulugan ng salitang kasamaan.

Kaya makatatalos kaya ang pinakahigit sa mga hayop sa kaunlaran sa suliranin ng kasamaan?

Ang pagkakawari sa kasamaan ay nangangahulugan na tayo ay hindi mga anak ng Mundong ito at na tayo ay humahango ng pagkawari natin sa kairalan ng kasamaan mula sa ibang panimulang batayan na iba pa sa panimulang batayang materyalistang Darwinista para sa kairalan.

Tayo ay nauugnay sa isang panimulang batayang makalangit at hindi sa isang tipong ateistang materyalistang panlupa. Ito ay ang kaisa-isahang pagpapakahulugan sa pagiging tayo ay nakawawari ng kasamaan.

Kaya magpahanggang tayo ay mga inatangan ng tungkulin, samakatuwid bahagi ng pagkalikas na magkaroon ng mga tukso at mga pagsubok at bahagi ng pagkalikas na makawari tayo ng kasamaan.

Ang kasamaan, ang ilan sa sakit, at ang kakayahan sa paggawa ng pagsuway ay ang likas na hinihiling at ang kusang-maliwanag na resulta ng kalayaan ng pagnanais at pandiyos na pagkaatang ng tungkulin.

Ang kairalan ng kasamaan, pagsubok, mga sakuna, at mga pagnanasa, ang mga ito ay nagpapalabas ng pinakamainam na nasa maayos na tao at pinakamasagwa na nasa tiwaling tao.

Kabilang sa kataka-taka sa kalagayan ng mga ateista kapag nagsasagawa sila ng pagkakaila sa kairalan ng Tagalikha ay dahil mayroong kasamaan, na sila ay gumagamit ng pagsusuring ito:

**1.** Kapag ang ama ay mabuti at umiibig ng kabutihan para sa anak, samakatuwid bakit pumayag siya sa pagbibigay sa anak ng isang nakasasakit na iniksiyon kontra sa mga mikrobyo?

**2.** Mayroong kasakitang naganap sa anak bunga ng iniksiyon?

**3.** Samakatuwid ang ama ay hindi umiiral.(1)

Ito kaya ay isang makatwirang paghihinuha?

Pagkatapos, bahagi ng pagkalikas na tayo ay hindi nakaiintindi ng lahat ng mga kaliit-liitan ng kasanhiang pandiyos kaugnay sa kabutihan at kasamaan.

Naglantad nga si Allāh ng kasanhian ng mga gawain ni Al-Khiḍr sa ginoo nating si Moises (sumakanya ang pangangalaga) sa kabila na ang mga ito ay mga gawaing ibinibilang sa panlabas na nakasasama at hindi nakasisiya subalit ang mga ito ay nakasasaklaw naman sa isang sukdulang kabutihan. Ang kuwento nina Moises at Al-Khiḍr ay hindi dumating sa Qur'ān bilang pagtatala at mga sanaysay subalit bilang pagmumuni-muni at pagkilala sa mga kakulangan ng kaluluwang pantao at minamadaling paghahatol nito.

Bahagi ng kataka-taka sa nauukol sa usapin ng kasamaan ay na kung sakaling hindi nagkaroon ng kasamaan sa Daigdig ay talaga sanang hindi ka lumabas mula sa lugar na pinanganakan mo!

Talaga sanang walang umiral na kabihasnan, walang naipatayong mga lungsod ni mga pagawaan ni mga bahay, hindi nangailangan ang mga tao ng trabaho, at hindi nag-isip

(1) Mula sa aklat na Usus Ghā'ibah, M. Aḥmad Ḥasan, Markaz Dalā'il. May di-literal na paghalaw.

ang mga tao hinggil sa paglaban sa sakit o paglutas ng suliranin o pag-imbento ng ideya para sa pagtamo ng kapahingahan!

Talaga sanang hindi nangailangan ang tao na lumipat mula sa lugar ng kapanganakan niya sa simula pa.

Yayamang walang kasamaan ni pagpapakahirap ni pagsubok ni pagpapagod ni mga problema na hahanapan mo ng mga lunas!

Kaya para sa ano pa ang pagpapagod, ang pagpupuyat, ang pag-iisip, at ang pagtatrabaho?

Kaya naman ang kasamaan ay ang pagkakailangan na hindi makaiiwas rito sa Mundo!

Kaya magmuni-muni ka!

Mangilag kang magkasala kay Allāh sapagkat tunay na ikaw ay isang inatangan ng tungkulin.

Marami sa mga tao ay binababaan ng pagsubok at kasamaan ngunit nanunumbalik sila kay Allāh at nagiging kabilang sa mga maaayos, kaya kaluwalhatian kay Allāh, ang Sukdulan, kalakip ng papuri sa Kanya.

Kaya ang lahat ng mga pagtatakda ni Allāh ay may kasanhian at kabutihan.

Hindi makaiiwas para sa Muslim na manampalataya sa lahat ng mga pagtatakda ni Allāh. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {Kung sakali na mayroon kang tulad ng [bundok ng] Uḥud na ginto na ginugol mo alang-alang sa landas ni Allāh, hindi tatanggap nito si Allāh mula sa iyo hanggang sa sumampalataya ka sa pagtatakda at makaalam ka na ang anumang tumama sa iyo ay hindi naging ukol upang magmintis sa iyo at na ang anumang nagmintis sa

iyo ay hindi naging ukol upang tumama sa iyo. Tunay na ang sinumang namatay sa iba pa rito ay papasok sa Impiyerno.}[1]

Kaya ang mga pagtatakda ni Allāh na kabutihan at kasamaan ay kinakailangan sa Muslim ang pagkalugod sa mga ito.

Ang lahat ng mga pagtatakda ni Allāh ay mabuti, kahit pa may lumitaw sa ilan sa mga ito na kasamaan o kagipitan o kapinsalaan sa panlabas subalit ang mga ito sa bandang huli ay nakasasaklaw naman sa isang sukdulang kabutihan at isang kasanhiang pandiyos na malalim.

## 31. Nagsadahilan kaya ang relihiyon sa mga digmaang panrelihiyon na nangibabaw sa lupa sa isang yugto ng mga yugto?

**S:** Namuhay ang Sangkatauhan kasama ng mga batas ng Monoteismo nang libu-libong taon at kasama ng tatlong malaking batas Abrahamiko nang apat na libong taon. Hindi kumatawan ang relihiyon bilang tuwirang panganib sa lahing tao; bagkus nagkaloob ito sa Sangkatauhan ng mga pinahahalagahang pangkaasalang pinakamataas na nagkakasundo sa mga ito ang mananampalataya at ang ateista at nagtatag ito ng mga orihinal na kabihasnan. Bagkus maaari na mag-angkin tayo na ang bawat kabutihan sa lupa ay mula sa mga bakas ng mga pagkapropetang iyon sapagkat nagbigay-kapahingahan ang relihiyon sa mga hukuman mula sa libu-libong kaso. Higit sa bawat ito at iyan, naglagay ang relihiyon ng pundasyong pang-edukasyon, pampag-uugali, at pang-asal para sa layon ng kairalang pantao sa ibabaw ng lupa! Ang mga estadong yumakap sa monoteistikong batas ay

---

(1) Ṣaḥīḥ Sunan Abī Dāwud, ḥadīth: 4699.

hindi natigil hanggang sa araw na ito na nagmamay-ari ng isang pagkasarisaring pangkultura na nagpanatili sa mga tagasalungat sa kanila at nagkaloob sa kanila ng isang bubong ng pangangalaga sa bisa ng mga monoteistikong batas mismo samantalang sa nag-iisang siglong napalapit sa Ateismo ang ilan sa mga estado, ang Sangkatauhan sa kabuuan nito ay naging nasa isang bingit ng kasawian! Pagkatapos darating ngayon ang mga ateista at magsasalita tungkol sa panganib ng relihiyon sa Sangkatauhan! Hindi nakaalam ang kasaysayang pantao ng isang metodolohiyang higit na mapanganib kaysa sa Ateismo. Ang mga pagpaslang sa Gulag sa dating Unyong Sobyet sa kamay ng ateistang si Lenin, ang paglipol sa mga etnikong minoriya sa Alemanyang NAZI, ang pagsaid sa 25% ng mga taong naninirahan sa Kambodya sa kamay ng ateistang si Pol Pot, ang pagpatay sa 52 milyong Tsino sa Malaking [Proletaryong] Rebolusyong Kultural sa kamay ng ateistang si Mao Zedong, at ang paglitaw ng Liga ng mga Militanteng Ateista sa Europe na nagpasara nang opisyal sa 42,000 institusyong panrelihiyon – mga simbahan at mga masjid – at pumatay sa libu-libong sibilyan ay walang iba kundi mga ateistang paglura at mga likas na resulta ng paglitaw ng Ateismo.(1)

Bagkus, tunay na ang Una at ang Ikalawang Digmaang Pandaigdigan ay mga digmaang ateista-ateista na pinamamahalaan ng mga ateistang konsepto ng mga uring tao at mga ideya ng pagpupunyagi tungo sa kadalisayang panlahi, kaya ang resulta ay naging ang pagkalipol ng malapit sa 5% ng populasyon ng Mundo. Nagpabalik ng 1/3 siglo paurong ang mga digmaang pandaigdigan sa kapwa nagwagi at natalo. Nagsagawa ang mga pilosopo ng paglalagay ng isang arinola

(1) https://en.wikipedia.org/wiki/League_of_Militant_Atheists

sa gitna ng Paris bilang simbolo ng pagwawakas ng kabihasnan. Nag-iwan ang mga labanang ateista ng mga arsenal ng mga sandatang nukleyar na sasapat sa pagpuksa sa uring tao sa kabuuan nito nang makailang ulit. Tunay na ang isang simpleng pagbasa sa mga digmaan ng ikadalawampung siglo ay nagpapakita ng naabot na kamiserablehan ng Ateismo. Nag-iwan ang Ateismo sa likuran nito ng isang ideya na ang paglaho ng uring tao sa alinmang labanang darating ay isang ideyang umiiral. Ito ay ang paglurang ateistang inaasahan.

## 32. Bakit napag-iwanan ang mga Muslim sa kabila ng monoteistikong relihiyon nila samantalang ang Kanluran ay lubhang umuunlad?

Ito ay tanong ng kabihasnan!

Kay rami ng ipinagdusa ng mga propeta sa pakikipagharap sa tanong na ito!

Kay rami ng idinura ng mga tagasunod dahilan sa bagay na ito!

Kaya ang tanong ng kabihasnan ay ugat ng kawalang-pananampalataya ng mga kalipunan sa paglipas ng mga panahon.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): {Kapag binibigkas sa kanila ang mga tanda Namin bilang mga malinaw na patunay ay nagsasabi ang mga tumangging sumampalataya sa mga sumampalataya: "Alin sa dalawang pangkat [natin] ang higit na mabuti sa katayuan at ang higit na maganda sa kapisanan?"} (Qur'ān 19:73)

Kapag binigkas ang mga talata na nagsaad ng mga katwiran at mga patotoo sa katumpakan ng Relihiyon,

nangangatwiran ang mga tagatangging sumampalataya ng kaunlaran ng mga kalipunang tagatangging sumampalataya: {Alin sa dalawang pangkat [natin] ang higit na mabuti sa katayuan at ang higit na maganda sa kapisanan?} (Qur'ān 19:73)

Nagsasabi ang mananaliksik na si Ibrāhīm As-Sakrān (ingatan siya ni Allāh): "Ito ay batas na pangkasaysayan at kalakarang pangsansinukob na nauulit-ulit na hindi nagwawakas sa pagtataka ang sinumang nagmumuni-muni sa arkibo nitong matanda sa edad sapagkat ang pagkarami-rami sa mga tagapagpaabot tungkol kay Allāh magmula ng pagbubukang-liwayway ng mga pagkapropeta at hanggang sa sandali ng gawaing pang-Islām na kontemporaryo ay nakikipagharap lagi sa mga lakas materyal na nakahihigit sa kanila at tumutukso sa mga tao palayo sa pagsunod sa kasi na nasa kanila.

Tumingin ka sa mga karanasan ng mga propeta, makatatagpo ka sa mga ito na halos ang mga ito sa kalahatan ay nagiging estatuwang tagapagsalita para sa tunggalian sa pagitan ng tagaanyaya ng "pagkasing makadiyos" at tukso ng "lakas na materyal", makatatagpo ka sa pagkatukso ng mga tao sa lakas na materyal habang sumasakmal ito sa mga isipan nila at nagpapabaling ito sa kanila palayo sa pagpapasailalim at pagsuko sa kasi, at makatatagpo ka sa mga manggagawa ng relihiyon habang nagdurusa sila ng dalawang pinakamapait mula sa pagkatukso ng mga tao sa mga aspetong materyal. Ang unang sugong si Noe ay sinabihan ng mga kababayan niya nang buong kaprangkahang materyalistiko: {wala kaming nakikita na sumunod sa iyo kundi silang mga napakahamak sa amin} (Qur'ān 11:27)

Hindi naglaon na lumitaw ang propeta ni Allāh hanggang sa naulit-ulit sa muli ang serye ng pagmamalabis ng sibilyang lakas at kahibangan nito sa harapan ng pagkasi:

{Nagsabi si Moises: "Panginoon namin, tunay na Ikaw ay nagbigay kay Paraon at sa konseho niya ng gayak at mga yaman sa buhay na pangmundo, Panginoon namin, upang magligaw sila palayo sa landas Mo.} (Qur'ān 10:88)

Ang kalagayan ay hindi naging bago hinggil sa nauugnay sa Propeta nating si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sapagkat ang mga tagatanggi nga noon sa pagkapropeta niya at kasi na kasama niya ay nag-uugnay sa pag-ayaw sa kanya sa kahinaan niyang materyal: {Nagsabi sila: “Bakit kasi hindi ibinaba ang Qur’ān na ito sa isang lalaking, mula sa dalawang pamayanan, na dakila.”} (Qur'ān 43:31)"

Natapos ang pananalita ni Ibrāhīm As-Sakrān.

Kaya hindi nasubok ang tao sa pagdaan ng mga panahon at pagdaan ng kasaysayan ng mga pakapropeta ng isang pagsubok na higit na malaki pa kaysa sa pagkatukso sa lakas na materyal ng tagatangging sumampalataya,

sa kabila na walang kaugnayan sa simula pa sa pagitan ng kaunlaran at ng katotohanan.

Ang kaunlarang materyal at ang pagkapaurong ay walang kaugnayan para sa dalawang ito sa sinumang kasama niya ang katotohanan o ang kabulaanan.

Kaya naman hindi nag-oobliga sa pagiging ang tao ay nakalamang at maayos na siya ay maging maunlad sa kabihasnan.

Ang tao ay maaaring maging isang nakasusunod sa mga katuruan ng Islām subalit siya ay isang simpleng maralita at maaaring maging ang kabaliktaran naman.

Kay rami ng mga kalipunan na noon ay maunlad sa kabihasnan samantalang ang mga ito ay kabilang sa pinakamalayo sa mga tao sa Batas ni Allāh, Relihiyon Niya, at kasi Niya: {Hindi ba sila humayo sa lupain para tumingin sila kung papaano naging ang kinahinatnan ng mga bago pa nila? Dati ang mga iyon ay higit na matindi kaysa sa kanila sa lakas. Nagbungkal sila ng lupa at luminang sila nito nang higit kaysa sa nilinang nila.} (Qur'ān 30:9)

Kaya ang kaunlarang materyal at ang kariwasaang pampananalapi ay hindi sukatan ng tagataglay ng katotohanan: {Kaya noong naghatid sa kanila ang mga sugo nila ng mga malinaw na patunay, natuwa sila sa taglay nila na kaalaman at pumaligid sa kanila ang dati nilang kinukutya.} (Qur'ān 40:83)

Samakatuwid, ang kaunlarang materyal ay hindi ipinagbubunyi sa sarili nito at gayon din ito ay hindi pinupulaan sa sarili nito. Ipinagbubunyi lamang ito ayon sa abot ng pagpapabusilak nito sa pagkasing pandiyos, ayon sa abot ng pagkakapatupad ng relihiyon dito, ayon sa abot ng pakikinabang mo sa pamamagitan nito sa relihiyon mo, at ayon sa abot ng ginagamit mo sa pagpapakinabang sa mga tao at kaayusan ng mga kalagayan nila para sa [ikalulugod ng] mukha ni Allāh.

Ito ay ang kaunlarang hinihiling.

Ang sukatan ng tunay na pagkakalamangan sa pagitan ng mga tao ay hindi sa kaunlaran nilang materyal subalit sa pagkakalamangan sa pangingilag sa pagkakasala at maayos na gawain. Dumarating ang kaunlarang materyal bilang isang

kaparaanan at hindi bilang isang layon. Dumarating ito bilang isang kaparaanan para sa paglilingkod at pagpapakinabang sa mga tao para kay Allāh.

Kaya ito ay nagiging isang kaunlarang materyal na binusilak sa pamamagitan ng pagkasing pandiyos. Ito lamang ay ang kaunlarang hinihiling.

Ito ay ang tunay na pagkahalili sa lupa: pagkahalili ng isang pagpapakamananamba kay Allāh at pagkahalili ng isang pagpapabusilak na pampananampalataya sa lahat ng mga dinadakuan ng buhay. {[Sila] ang mga kung nagbigay-kapangyarihan Kami sa kanila sa lupa ay magpapanatili ng pagdarasal, magbibigay ng zakāh, mag-uutos ng nakabubuti, at sasaway sa nakasasama. Sa kay Allāh ang [mabuting] kahihinatnan ng mga bagay.} (Qur'ān 22:41)

Alamin mo na ang Muslim, kapag gumawa siya ng kailangan sa kanya, magpapadali si Allāh para sa kanya ng mga kadahilanan ng bawat kabutihan, kaligayahan, kaunlaran sa Mundo, at kaligtasan at pagkaangat ng antas sa Kabilang-buhay. {Nangako si Allāh sa mga sumampalataya kabilang sa inyo at gumawa ng mga matuwid na talagang magtatalaga nga Siya sa kanila bilang kahalili sa lupain gaya ng pagtalaga Niya sa mga bago pa nila bilang kahalili, talagang magbibigay-kapangyarihan nga Siya para sa kanila sa Relihiyon nila na kinalugdan Niya para sa kanila, at talagang magpapalit nga Siya sa kanila, matapos na ng pangamba nila, ng isang katiwasayan. Sumasamba sila sa akin habang hindi sila nagtatambal sa Akin ng anuman. Ang sinumang tumangging sumampalataya matapos niyon, ang mga iyon ay ang mga suwail.} (Qur'ān 24:55)

Nang nagpatupad ang mga Muslim ng Relihiyon nila, sila ay naging mga pinuno sa Relihiyon at Mundo.

Naghain ang Islām sa mga kamay nila ng isang kabihasnang nagtagal ng 1,200 taon. Ito ay pinakamahabang kabihasnan na nagpatuloy nang walang pagtigil-tigil o pagkaputol sa yugtong ito.

Ang Islām ay pinagluwalan ng Kabihasnang Islāmiko.

Ito ay dahil sa kaisa-isang Relihiyon na nagpaluwal ng isang kabihasnan.

Ang nalalabi sa mga relihiyon ay inaruga ng mga kabihasnan.

Kaya natatagpuan mo na ang Kabihasnang Kanluranin ay umaruga sa Kristiyanismo at ang Kabihasnang Indiyano ay umaruga sa Hinduismo.

Hinggil naman sa kaisa-isang relihiyon na nagpaluwal ng isang kabihasnan, ito ay ang Islām.

Kaya nang ang mga Muslim noon ay nakaaalam sa inoobliga sa kanila tungo sa Relihiyon nila, namuno sila sa Daigdig sa materyal at sa espirituwal.

Nang pumasok ang Islām sa Constantinopla noong taong 1453 CE, nagwakas ang Mga Madilim na Panahon sa Europa.

Ang petsa ng pagwawakas ng Mga Madilim na Panahon ay taong 1453 CE. Ito ay ang mismong taon na pumasok ang Islām sa Europa.

Hindi naglaon na pumasok ang Islām sa pusod ng Europa hanggang sa suminag doon ang liwanag ng Islām.

Sa Aklatan ng Kongreso [ng Estados Unidos], may inukit sa kisame ng pangunahing bulwagan ng aklatan na mga bilog na tumuturo sa mga pinagkunan ng kaunlaran ng Kabihasnang

Kanluranin. Ang Islām ay ang kaisa-isang relihiyong nabanggit sa pitong bilog.

Ang Islām ay ang kaisa-isang relihiyong nabanggit. Ito ay pumapatungkol sa Likas na Agham.

ISLAM: PHYSICS

Samantalang pumapatungkol ang nalalabi sa mga bilog sa mga pangalan ng mga bayan, ang ipinagkaloob naman ng mga bayang ito ay kaunlarang pampanitikan o pansining o pangwika!

Kaya naman ang Islām ay nagkaloob ng kaalaman. Sa tagal na 700 taon, ang pandaigdigang wika ng agham sa Mundo ay ang wikang Arabe.(1)

Kaya kapag nagpakaayos ang mga Muslim sa Relihiyon nila, aayos ang Mundo nila.

## 33. Ano ang mga bunga ng pagsamba kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya)?

**S:** Ang tao ayon sa naturalesa niya ay hindi nakakikilala sa sarili niya. Hindi napapanatag ang espiritu niya at hindi natatahimik ang puso niya malibang sa pamamagitan ng pagsamba kay Allāh. {na mga sumampalataya at napapanatag ang mga puso nila sa pag-aalaala kay Allāh. Pansinin, sa pag-aalaala kay Allāh napapanatag ang mga puso.”} (Qur'ān 13:28)

Kaya sa pamamagitan ng pagsamba napapanatag ang dibdib. {97. Talaga ngang nakaaalam Kami na ikaw ay

---

(1) https://www.telegraph.co.uk/news/science/science-news/3323462/Science-Islāms-forgotten-geniuses.html

napaninikipan ng dibdib mo dahil sa sinasabi nila. 98. Kaya magluwalhati ka kasabay ng papuri sa Panginoon mo at maging kabilang ka sa mga tagapagpatirapa. 99. Sambahin mo ang Panginoon mo...} (Qur'ān15:97-99)

Sambahin mo ang Panginoon mo, mapapanatag ang dibdib mo.

Dahil doon, ang dalawang rak`ah [na dasal] na may kataimtiman at pagmumuni-muni ay nakagagawa sa kaluluwang pantao ng hindi nagagawa ng mga oras na mga sesyon ng pagpapakalmang sikolohikal.

Ang pagsamba ay nagdudulot ng kapanatagan ng kaluluwang pantao. Ang bawat malayo sa pag-aalaala kay Allāh ay naninikip ang dibdib niya. Nakatatagpo ka sa kanya palagi na nasasabik sa kamunduhan, kaya hindi siya nabubusog at hindi napapanatag: {Ang sinumang umayaw sa pag-aalaala sa Akin, tunay na ukol sa kanya ay isang pamumuhay na hikahos. Kakalap Kami sa kanya sa Araw ng Pagbangon na isang bulag.} (Qur'ān 20:124)

Gaano man ang tao naging nasa isang kaluwagan sa panustos gayon pa man siya naman ay walang pananampalataya, mabubuhay siya sa isang kahikahusan at sa isang paligsahang nakatataranta na hindi nagtatapos kasabay ng di-nalalaman kaya makakikita ka sa kanya palagi na isang balisa.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {Ang sinumang ang Mundo ay alalahanin niya, maghahati-hati si Allāh laban sa kanya ng nauukol sa kanya, maglalagay ng pagkadalita niya sa pagitan ng mga mata niya, at walang pupunta sa kanya mula sa Mundo kundi ang itinakda para sa kanya. Ang sinumang ang Kabilang-buhay ay layunin niya, magtitipon si Allāh para sa kanya ng nauukol sa

kanya, maglalagay ng pagkayaman niya sa puso niya, at pupunta sa kanya ang Mundo habang ito ay pinipilit.}(1)

Kaya ang pagsamba ay nagpapalaya sa Muslim mula sa pagpapasailalim sa Mundo at gumagawa sa kanya na isang malaya.

Dahil doon, ang Muslim na sumasamba kay Allāh, sa katotohanan ay isang taong nakaintindi sa kahulugan ng buhay, nakaintindi sa halaga ng Mundo, nakaintindi sa layon ng kairalan niya sa Daigdig na ito, at nakaintindi na siya ay nasa Daigdig na ito upang sulitin at upang sumamba sa Panginoon niya nang totoong pagsamba at hindi upang mamuhay sa bagabag na walang silbi rito. Nagsabi ang Panginoon natin (kaluwalhatian sa Kanya): {na lumikha sa kamatayan at buhay upang subukin Niya kayo kung alin sa inyo ang pinakamagaling sa gawa.} (Qur'ān 67:2)

## 34. Ano ang mga aspeto ng pagpapaubaya kay Allāh (napakataas Siya)? O sa ibang anyo ng pahayag: Papaano kang makaaalam na ikaw ay sumusuko kay Allāh nang buong pagsuko?

**S:** Ang mga palatandaan ng pagsuko kay Allāh (napakataas Siya) ay apat:

**Una: Ang pagpapakamananamba kay Allāh sa bawat maliit at malaking bagay sa buhay mo.** Nagsabi Siya (napakataas Siya): {162. Sabihin mo: "Tunay na ang dasal ko, ang pag-aalay ko, ang buhay ko, at ang kamatayan ko ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang – 163. walang katambal sa Kanya. Gayon nag-utos sa akin, at ako ay una sa mga Muslim."} (Qur'ān 6:162-163)

(1) Ṣaḥīḥ Sunan At-Tirmidhīy, ḥadīth: 2465.

Ang {[Tunay na] ang dasal ko, ang pag-aalay ko, ang buhay ko, at ang kamatayan ko ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang} ay [nangangahulugang]: ang bawat gawaing ginagawa ko ay para kay Allāh sapagkat ako ay nagdarasal para kay Allāh, tumatalima sa mga magulang ko para kay Allāh, nagrerepaso at nag-aaral nang sa gayon magpakinabang ako sa mga tao para kay Allāh, at natutulog nang sa gayon ako ay maging higit na malakas sa umaga para sa paggawa ng ipinag-utos sa akin ni Allāh.

Ito ay ang pagpapakamananamba kay Allāh sa bawat gawain. Ito ay pinakamarapat sa mga aspeto at mga palatandaan ng pagpapaubaya kay Allāh.

**Ang ikalawang palatandaan nang sa gayon ikaw ay maging sumusuko kay Allāh** nang lubos na pagsuko ay ang pagsunod sa ipinag-utos ni Allāh at ang pag-iwas sa sinaway Niya. Nagsabi ang Panginoon natin (kaluwalhatian sa Kanya): {O mga sumampalataya, tumalima kayo kay Allāh at sa Sugo Niya at huwag kayong tumalikod sa kanya habang kayo ay nakaririnig.} (Qur'ān 8:20)

Nagsabi pa Siya (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): {O mga sumampalataya, magsipasok kayo sa pagkapasakop nang lubusan...} (Qur'ān 2:208)

Ang {sa pagkapasakop} ay nangangahulugang: sa Islām.

Ang {magsipasok kayo sa pagkapasakop nang lubusan} ay nangangahulugang: sumunod kayo sa bawat anumang ipinag-utos ni Allāh at tumigil kayo sa anumang sinaway Niya.

Nag-utos si Allāh sa akin ng bagay na gagawin ko at sumaway Siya sa akin ng bagay na titigil ako. Ito ay ang kalubusan ng pagsuko at pagpapaakay kay Allāh.

**Ang ikatlong palatandaan sa pagpapaubaya kay Allāh ay na magpaubaya tayo sa pamamagitan ng**

**pagsasakahatulan ng anumang isinabatas ni Allāh kaya** malulugod tayo sa batas Niya at tatanggap nito.

Tatanggap tayo sa bawat makadiyos na pagbabatas at hindi tayo magmamasama, halimbawa, sa mga kaparusahan na isinabatas ni Allāh; bagkus hindi makaiiwas na malugod tayo sa batas ni Allāh dahil si Allāh ay nakaaalam sa nagpapaayos sa nilikha Niya at nakaaalam na sa mga kaparusahang ito ay may kadalisayan para sa lipunan: {Hindi ba nakaaalam ang lumikha samantalang Siya ay ang Mapagtalos, ang Mapagbatid?} (Qur'ān 67:14)

Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya): {Sino pa ang higit na magaling kaysa kay Allāh sa paghatol} (Qur'ān 5:50)

**Kaya si Allāh ay ang nakaaalam sa nagpapaayos sa mga tao sa pangmundong-buhay nila at pangkabilang-buhay nila.**

**Ang pagpapatupad ng batas ni Allāh ay magdadalisay sa mga tao at gagawa sa kanila na mamuhay sa katiwasayan.**

May pumuntang isang lalaki, na nag-aangkin na siya ay isang mananampalataya kay Allāh at sa [mensaheng] pinababa sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), sa Hudyong si Ka`b bin Al-Ashraf upang humatol para sa kanya sa isa sa mga kaso sa halip na pumunta sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) dala ng pangamba na humatol ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang hatol na hindi magpapagalak sa kanya. Pumunta siya sa Hudyo dala ng pag-aasam sa isang hatol na magpapagalak sa kanya kaya bumaba ang sabi ni Allāh (napakataas Siya): {Hindi ka ba nakaalam sa mga nag-aangkin na sila ay sumampalataya raw sa pinababa sa iyo at

pinababa bago mo pa? Nagnanais sila na magpahatol sa huwad samantalang inutusan nga sila na tumangging sumampalataya rito. Nagnanais ang demonyo na magligaw sa kanila sa isang pagkaligaw na malayo.} (Qur'ān 4:60)

Kaya kapag ikaw ay isang Muslim na nagpapaakay kay Allāh, kailangan sa iyo na sumunod sa batas ni Allāh at magpaubaya sa hatol ni Allāh kahit pa man nagwakas ang hatol ni Allāh sa iba pa sa pithaya mo, at na hindi mag-iwan sa batas ni Allāh at pumunta sa isang Hudyo upang humatol iyon para sa iyo sa kaso mo alang-alang sa pagpapalugod sa iyo.

Nagsabi si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa mga sumusunod na talata:

{Hindi nagsugo ng anumang sugo kundi upang talimain ito ayon sa pahintulot ni Allāh.} (Qur'ān 4:64)

Si Allāh ay hindi nagsusugo ng mga sugo nang sa gayon umiwan tayo sa kanila at magpahatol tayo sa batas ng iba pa sa kanila.

Pagkatapos winakasan ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ang aralin mula sa pangyayaring ito at mga kawangis nito sa pamamagitan ng isang mahalagang talatang naglilinaw ng pagkakailangan ng pagpapasailalim sa pagpapahatol sa batas ni Allāh. Nagsabi ang Panginoon (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): {Kaya hindi, sumpa man sa Panginoon mo, hindi sila sumasampalataya hanggang sa nagpapahatol sila sa iyo sa anumang napagtalunan sa pagitan nila, pagkatapos hindi sila nakatatagpo sa mga sarili nila ng isang pagkaasiwa sa anumang inihusga mo at nagpapasakop sila nang isang pagpapasakop [na lubos].} (Qur'ān 4:65)

Hindi makaiiwas sa lubos na pagpapaubaya sa anumang isinabatas ni Allāh sapagkat ang pagpapaubaya sa batas ni

Allāh ay kabilang sa mga palatandaan ng pagpapaakay sa Islām!

Hinggil naman sa ikaapat na palatandaan ng pagpapaubaya kay Allāh (napakataas Siya), ito ay ang pagpapaubaya sa mga pagtatakda ni Allāh sapagkat ang bawat bagay na itinakda ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay ayon sa karunungan Niya. Sa gayon, ang Muslim ay sumusuko kay Allāh sa lahat ng mga pagtatakda Niya sa kabutihan at kasamaan.

Kapag may dumapo sa Muslim na isang kariwasaan, nagpapasalamat siya; at kapag may dumapo sa kanya na isang kariwaraan, nagtitiis siya.

Kung sakaling nagtustos sa iyo si Allāh ng isang pagkain o isang magandang panustos o isang marikit na bahay o isang pagkapasa sa pag-aaral o isang kalusugan sa katawan o isang mag-anak na kaaya-aya, magpapasalamat ka kay Allāh.

Kung sakaling may dumapo sa Muslim na isang kariwaraan gaya ng karamdaman o karalitaan o pangamba o pagsubok o bagabag, magtitiis siya sa kariwaraang ito at magpapatulong siya kay Allāh. Ito ay ang kalagayan ng Muslim na nagpapaakay, na sumusuko sa Panginoon nito (kaluwalhatian sa Kanya).

Ang bawat bagay ay ayon sa pagtatakda ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): ang kalusugan, ang karamdaman, ang pagkayaman, ang karalitaan...Ang bawat bagay ay ayon sa pagtatakda Niya at karunungan Niya. Kailangan sa Muslim ang malugod sa mga pagtatakda dahil si Allāh ay ang nagtatakda ng mga ito.

Nagsabi ang Panginoon natin (kaluwalhatian sa Kanya): {Tunay na Kami sa bawat bagay ay lumikha ayon sa isang takda.} (Qur'ān 54:49)

Nagsabi pa Siya (napakataas Siya): {Sabihin mo: "Walang tatama sa amin kundi ang itinakda ni Allāh para sa amin. Siya

ay ang Tagatangkilik namin. Kay Allāh ay manalig ang mga mananampalataya."} (Qur'ān 9:51)

Walang tatama sa atin kundi ang itinakda ni Allāh para sa atin.

Nagsabi ang kamahal-mahalan na tagapagsabi: {Hindi naging ukol sa isang tao na mamatay malibang may pahintulot ni Allāh} (Qur'ān 3:145)

Ang mga taning ay itinakda ni Allāh.

Ang bawat bagay na nangyayari sa Sansinukob, ang bawat atom na gumagalaw sa Daigdig, at ang bawat nangyayari na nangyayari ay nangyayari lamang ayon sa kaalaman ni Allāh, kalooban ni Allāh, ayon sa pagtatakda ni Allāh, ayon sa karunungan ni Allāh, at ayon sa kakayahan ni Allāh.

Nagsabi ang Panginoon natin (kaluwalhatian sa Kanya): {lumikha ng bawat bagay saka nagtakda rito ng isang pagtatakda.} (Qur'ān 25:2)

Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay lumikha ng bawat bagay at nagtakda ng bawat bagay. Ang anumang niloob Niya ay nangyayari at ang anumang hindi Niya niloob ay hindi nangyayari.

Kaya ako bilang isang Muslim ay hinihilingan ng pagpapaubaya sa lahat ng mga pagtatakda ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan).

Sa pamamagitan nito, ang tao ay nagiging isang Muslim para kay Allāh.

## Sa pagwawakas, papaano akong papasok sa Islām?

Ang Islām ay ang Relihiyon ni Allāh para sa lahat ng Sangkatauhan. Nagsabi Siya (napakataas Siya): {Tunay na ang relihiyon sa ganang kay Allāh ay ang Islām.} (Qur'ān 3:19)

Ang Islām ay ang relihiyon na hindi tumatanggap si Allāh ng iba pa rito na mga relihiyon. {Ang sinumang naghahangad ng iba pa sa Islām bilang relihiyon ay hindi ito matatanggap mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga malulugi.} (Qur'ān 3:85)

**Dahil doon, kinakailangan sa bawat tao na yumakap sa Islām.**

Nasa Islām ang kaligtasan mula sa Impiyerno at ang pagkamit ng lugod ni Allāh at ng Paraiso.

Ang pagpasok sa Islām ay isang biyayang kabilang sa pinakadakila sa mga biyaya; bagkus ito ay ang pinakadakila at ang pinakamahalagang bagay sa kairalan mo.

Ang Islām sa reyalidad nito ay pagbabalik sa naturalesa at isip.

Ang pagpasok sa Islām ay isang bagay na madali na hindi nangangailangan ng mga rituwal ni ng mga bagay-bagay na opisyal. Kailangan lamang sa tao na bumigkas ng Dalawang Pagsaksi. **Iyon ay sa pamamagitan ng pagsabi ng:**

**"Ashhadu an lā ilāha illa –llāhu wa-ashhadu anna muḥammadar rasūlu –llāh. (Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at sumasaksi ako na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh.)"**

**Siya sa pamamagitan nito ay naging isang Muslim.**

Pagkatapos magsisimula siya sa pagsasabuhay ng Islām.

Nagtatagubilin ako ng pagsubaybay sa website ng IslamHouse. Ang bawat isa ay alinsunod sa wika nito nang sa gayon matuto ang bagong Muslim kung papaanong magsasabuhay ng Islām.

Link ng website: https://Islamhouse.com/ar/

## Ang Pagtakas Mula sa Ateismo Patungo sa Islām


1. Ano ang kahulugan ng Ateismo? ....................................................10
2. Ano ang naipipintas ninyo sa Ateismo?..........................................10
3. Ano ang patunay sa kairalan ng Tagalikha? ......................................11
4. Ano ang kahulugan ng patunay ng pagpapairal? .............................12
5. Ano ang kahulugan ng patunay ng pangangalaga at pagkahusay? .13
6. Bakit ang tao at ang iba pa sa kanya kabilang sa mga nilalang na buhay ay hindi namutawi sa mga pansimulang bagay na lubhang simple?.............................................................................................16
7. Ano ang mga halimbawa ng patunay ng pangangalaga at pagkahusay?.......................................................................................19
8. Ang ilan sa mga ateista ay tumutuligsa sa patunay ng pangangalaga sapagkat nagsasabi sila na may mga bagay na hindi ideyal tulad ng mga sakit at mga lindol.......................................................................26
9. Ano ang tagahadlang na magkaroon ng isang kadahilanang materyal na nagpairal sa Sansinukob, na ang halimbawa niyon ay isa pang kabihasnan o isa pang bagay? Bakit ang Diyos na walang-simula bilang pagbibigay-takda? .....................................................................28
10. Tayo ay nakaaalam sa mga batas [pangkalikasan] na nakapangyayari sa Sansinukob at nakaaalam nang maigi sa kadahilanan ng mga lindol. Kaya bakit tayo nangangailangan ng Tagalikha lalo na at nakaaalam naman tayo sa mga batas [pangkalikasan]? .......................30
11. Ano ang tagahadlang na ang pinagmulan ng Kairalan ay ang pagkakataon (coincidence)? ................................................................32
12. Papaano tayong tutugon sa ateista na nagsasabi na ang Sansinukob ay walang-simula?..........................................................32
13. Bakit hindi naipatutupad ang batas ng pananahilan (causality) sa Tagalikha? O sa iba pang pahayag: Sino ang lumikha sa Tagalikha? .34
14. Ang Sansinukob ay dambuhala, kaya papaano tayo, sa pamamagitan ng maliit na sukat nating ito, magiging isang sentro sa higanteng Sansinukob na ito? ............................................................35
15. Nagsasabi ang ilan sa mga ateista na may umiiral na maraming planeta, at sa gayon, ayon sa teorya ng mga probabilidad bahagi ng pagkalikas na magkaroon ng isang planeta mula sa mga iyon na naangkop sa buhay. Kaya natutumpak kaya ang pagpapatunay na ito? ..........................................................................................................38

16. Bakit hindi nagkaroon ng higit sa isang tagalikhang walang-simula? ...............................................................................................41
17. Bakit ang relihiyon?.........................................................................42
18. Ano ang tagahadlang na ang mga kaasalang ito ay maging isang produkto ng utak o lipunan?..........................................................47
19. Umiiral ang higit kaysa sa isang diyos sa mga kabihasnan ng Mundo, kaya bakit ang pananampalataya kay Allāh bilang pagbubukod-tangi? ..........................................................................................49
20. Kapag gumawa ang isang tao ng isang bagay na hindi niya kinakailangan, ito ay pagkawalang-kapararakan! Si Allāh ay hindi nangangailangan sa atin kaya bakit Siya lumikha sa atin? ..................51
21. Papaano tayong makakikilala kay Allāh? ........................................55
22. Mayroong maraming relihiyon kaya bakit ang Islām pa?................59
23. Ano ang Islām? ..............................................................................60
24. Sa Islām kaya ay may sagot para sa mga tanong na nalito ang mga isip sa pagsagot sa mga ito? Saan tayo nagmula? Bakit tayo narito sa Daigdig na ito? Tungo saan ang hantungan?.......................................62
25. Papaano akong nakaalam na si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay isang sugo mula sa ganang kay Allāh? ................63
26. Papaano akong makaaalam na ako ay hinihilingan ng pagsampalataya kay Allāh? ...............................................................76
27. Nakasasapat kaya ang pananampalataya kay Allāh at ang kawalang-pananampalataya sa mga propeta?.....................................78
28. Magtatamo kaya ang tagatangging sumampalataya ng pabuya mula kay Allāh sa gawa niyang maayos? ...................................................80
29. Kung ang Islām ay ang Relihiyon ng Katotohanan, bakit nakatatagpo ng mga hinala?...............................................................82
30. Bakit lumikha si Allāh ng kasamaan? O sa iba pang kahulugan: Papaanong tutugon ang Muslim sa "suliranin ng kasamaan"?.............84
31. Nagsadahilan kaya ang relihiyon sa mga digmaang panrelihiyon na nangibabaw sa lupa sa isang yugto ng mga yugto?.............................89
32. Bakit napag-iwanan ang mga Muslim sa kabila ng monoteistikong relihiyon nila samantalang ang Kanluran ay lubhang umuunlad? ........91
33. Ano ang mga bunga ng pagsamba kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya)? ...............................................................97
34. Ano ang mga aspeto ng pagpapaubaya kay Allāh (napakataas Siya)? O sa ibang anyo ng pahayag: Papaano kang makaaalam na ikaw ay sumusuko kay Allāh nang buong pagsuko? ............................99
Sa pagwawakas, papaano akong papasok sa Islām?........................105

# Islām at sa Ateismo
## harap-harapan
## Tanong at Sagot

# الإسلام والإلحاد
## وجهًا لوجه
## سؤال وجواب

تَألِيفُ

د/ هيثم طلعت

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالربوة
مسجلة بوزارة الموارد البشرية والتنمية الاجتماعية برقم ٣١٢١
هاتف: ٩٦٦١١٤٤٥٤٩٠٠+ فاكس: ٩٦٦١١٤٩٧٠١٢٦+ ص ب: ٢٩٤٦٥ الرياض: ١١٤٥٧
P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 TEL: +966 11 4454900 FAX: +966 11 4970126
OFFICERABWAH